# *Espirituwal Na Pagkukupkop*

Salamat, Kapatid na Neville. Magandang umaga, mga kaibigan. Nagagalak ako na nakaparito ako sa umagang ito, at sa pambungad na pagpapakilala ng pastor. Napaka inam po. Oh, alam n'yo, nababanggit din lang ang mga kabayo, alam n'yo ba, kapag sinusuotan n'yo sila ng kabisada, alam nila na mayroon silang gagawin. Buweno, hayan nga, nagagalak ako na ginawa tayo ng Diyos na mga kabayong panggawa, para tayo'y makagawa, na. Kaya, di tayo napapagod, wala sa atin 'yung pagod na gumawa ng bagay para sa Panginoon, kung ang tungkulin ay iniatang sa'tin na gawin. Gayong, nakararamdam po ako ng pagod ngayon. Gawa ng marami akong pinagdaanan, sa huling mga araw na ito.

2 Nung nagpunta ako sa California, sumakay po ako ng tren. At, sinasabi ko nga sa inyo, matagtag po 'yung biyahe! Yung pagpunta pa lang dun, limampu't tatlong oras ang gugugulin para makarating dun, at alas dos na ako ng umaga nakarating dun. Alas singko, kailangan nakabangon na ako't nakagayak na't mangangaral sa isang gawain sa radyo. Tapos, sa Christian Business Men, kinailangan ko ring mangaral uli para sa kanilang pang-internasyunal na pagtitipon. Pagkatapos nung hapon, nangaral ako sa isang malaking Baptist na tabernakulo, tapos 'yung. . . nung gabi. At tuluy-tuloy po 'yun, ilang oras lang ang pagitan ng mga pangangaral ko, hanggang sa dumating kami ng Lunes ng gabi sa Angelus Temple. Tapos sumakay kami ng tren ng alas onse, at animnapu't apat na oras ang ginugol namin para makauwi. Kaya maiisip n'yo na lang, pagpasok ko riyan, mula nung isang araw bago ang kahapon, at talaga pong. . .

3 At, kahapon, umabot siguro ng mga limampu o higit pang mga tawag ang natanggap ng maybahay ko, na nagpapapunta sila para maipanalangin ang mga tao. Kahapon ng umaga, pa lang po ito, limampu o higit pang mga tawag. Mangyari nga, na hindi lahat 'yun ay dito lang sa malapit. May mga—may mga tawag pa mula sa ibang bahagi ng bansa, hayan po, "Puwede, maaari po ba kayong magpunta ng Florida? Maaari ba kayong magpunta *rito*? Sa Louisville po," Yung mga tawag. . . Paano mo pipiliin, kung alin lang dun sa limampu't tatlong 'yun, ang gagawin mo sa isang umaga? Kaya, kung maiisip n'yo.

4 Mangyaring, kahapon ng hapon, nagpunta po ako't binisita, ang ilan sa mga kalugud-lugod nating mga kaibigan, at talaga pong diyablo ang sakit. May kabataang lalaki na nakilala ko mga taon na rin ang nakararaan, ang itsura po niya'y talagang larawan ng kalusugan, matikas ang katawan na kabataang lalaki. At siya po'y halos kasing edad ko na ngayon, at ang itsura na ngayon ay aakalain mong nobenta na. At siya po'y

nakaratay sa isang dako, naghihingalo sa Henryville. Kaibigan ng kalugud-lugod kong kapatid dito, ni Kapatid na Neville, ito pong si Kermit Spurgeon; 'yung tatay niya, ay mangangaral po ng Ebanghelyo, at isang guro sa paaralan, at talagang mainam na lalaki.

5 Pumasok po ako roon sa tahanan matapos na sabihin sa akin ni Kapatid na Neville na 'yung lalaki raw ay naghihingalo na, at nagkaroon kami ng malaking prebilehiyo na maakay siya patungo sa Panginoong Jesus, kahapon, para sa kaligtasan ng kanyang kaluluwa. At 'yung maybahay niya't ako haya't kami nga'y nagkasundo na manalangin nang taos-puso para rito sa lalaki, matapos na kainin na siya ng kanser; mula dalawang-daan o higit pang libra, bumaba, na sa tantiya ko ay animnapu na lang 'yung timbang. Mangyaring, nananampalataya kami at talagang nanghahawakan lang, na pagagalingin siya ng Diyos. Haya't, di namin alam kung anong mangyayari. Pero, isa ngang bagay ang nalalaman namin, na siya'y nakalipat na mula sa kamatayan patungong Buhay. At nakikinita ko nga kung ano ang iniisip ng kanyang aba't matandang bulag na tatay nung ang mensahe na 'yun ay dumating sa kanya, matapos ang ilang mga taon ng pananalangin sa lalaki, at matapos 'yun. "Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran," kita n'yo. At alam ko na nagkaroon siya ng tamang ehemplo sa harap niya.

6 Mula roon, pumunta naman kami ng New Albany, sa isang Gng. Slaughter na nakatira rito, at tinaningan na siya ng mga doktor na hanggang alas sais na lang daw siya, mabubuhay. Mangyaring, lubha ngang, lubha ngang kalunus-lunos, 'yung paghihintay mo roon. At sa iba pang lugar.

7 May kabataan na dating nakatira sa kabilang pinto lang sa akin dun, maayos na nakakapaglakad, normal na kabataang lalaki, nagtratrabaho para sa Bell Telephone Company, mga nasa beinte ang edad. May . . . Isa siyang tatay sa tatlo o apat na maliliit na bata. Yung munti niyang anak na babae'y nahulog nung isang araw at nabali nito ang bisig niya. Tapos siya man ay nakaramdam ng pamamanhid sa kanyang kamay; naparalisa na pala siya. Di nila maipaliwanag kung ano bang nangyari sa kanya. Naratay 'yung lalaking ito, at hayun nga siya.

8 Sadya ngang sunud-sunod, at kahit saan na lang ay may nagkakasakit talaga. Pero ako'y nagagalak na may daan para makaalpas. Nagagalak ako nang husto na di natin kailangang manatili rito nang magpakailanman, din. Maging kayo man di po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ano ngang gagawin natin kung ako'y mananahan sa bahay-pesteng ito nang magpakailanman? Haya't lubos akong natutuwa na may bukas na pinto. At sadya ngang ganun lamang itong mundo, sadya ngang isang bahay-peste. Isang . . . Haya't mapapaisip ka na aba't maayos ngayon ang lagay mo, pero bigla na lang may darating, at, hayan nga, may kung anong darating na lang.

Pero, lubos akong nagagalak na may daan para makaalpas; lubos akong natutuwa na ang Panginoong Jesus ay dumating at gumawa ng daan para sa'tin, isang daan para makaalpas.

9 Kaya, sa umagang ito, nabanggit sa akin ng aking kalugud-lugod na Kapatid na babaing Cox na may mga pupunta raw dito, yamang nagpasabi tayo sa mga taga-rito na magpunta sila para sila'y maipanalangin, at siguro di sila magtatagal at mga ilang minuto lang na sasaglit dito. At siguro po'y ipapanalangin ko muna sila bago ko idaos itong gawain, at, mamaya, baka kailangan nilang lumiban na agad.

10 At naisip ko, mamaya, para sa ilan sa kanila na magnanais na manatili muna, iiklian ko lang ang aking pagmemensahe, sa umagang ito, yamang paos ako, at—at may pupuntahan din akong ibang pagtitipon agad mamaya. At kaya aking. . . At ang pagtitipon sa Chicago ay magsisimula sa susunod na Sabado.

11 At, mangyari rin, na iniisip ko na dumating na ang oras para itong bahagi namang ito ng bansa ay makatanggap ng isang kalugud-lugod na pagbisita, sa pagdating ng marangal nating kapatid, na si Billy Graham, sa Louisville, ngayong parating na sanlinggong ito. Sabay 'yung idaraos niya rito, sa Louisville, dun sa idaraos ko sa Chicago. Pero, babalik po ako, hayan nga, gusto kong—gusto kong makipagkita sa kanya, nang personal, habang narito pa siya nun. At may ilang kaibigan na ipapakilala ako sa kanya. At nakadako na ako sa parehong siyudad, sa ibayong-dagat, at marami pang iba't ibang lugar, pero sadya ngang, oo, di kami nagkakaroon ng pagkakataon na magkita sa isa't isa.

12 At taos-puso kong—taos-puso ko pong hinihiling sa iglesya rito, at sa grupo ng mga tao na nagkatipon dito sa umagang ito, na isapuso ang pagtitipon na ito, na gaganapin sa Louisville.

13 Gusto ko lang pong sabihin ito, bilang paglalahad. Alam n'yo ba na walumpu't pitong porsiyento ng lahat mismo ng mga inuming alak ay nanggagaling sa Louisville, Kentucky, na—na iniinom sa Estados Unidos? Walumpu't pito. Alam n'yo rin ba, na mga halos siyamnapung porsiyento ng lahat ng mga tabako at iba pang mga bagay na gaya nun ay nanggagaling dito sa Louisville, Kentucky mismo? Alam n'yo ba na 'yun mismo ang luklukan ni Satanas. Tunay nga. Tunay nga.

14 Isa sa pinaka mahirap pasukin na lugar sa buong mundo, ay ang pamayanan lamang sa paligid dito, na papasukin 'yun para sa Panginoong Jesus Cristo. Gaano na bang karami ang napaiyak nito't napaluha, habang sinusubukang pasukin ang dakong ito, ng Falls Cities, para sa Panginoong Jesus! Tingnan n'yo, si Erickson, lahat sila'y umalis na lang, napatangis pa nga mismo, kahit na anong subok at subok at subok ang gawin nila. Maging si John Sproul ay napaiyak mismo, dun sa Glory Barn doon, habang sinisikap niyang tibagin ang bagay na 'yun para sa Panginoong Jesus. Napakarami nang mga tumayo sa pulpito,

sa Falls Cities, at sumubok, at di talaga nila mapasok para sa Panginoong Jesus.

15 Ngayon, iniisip ko na si Billy Graham ay isa sa pinaka kilalang lalaki sa mundo ngayon, sa daigdig ng relihiyon, sa opinyon ko. Haya't, may mga obispo't mga arsobispo. Pero, sa opinyon ko, Ebanghelyo ang ipinapangaral niya, at siya'y isang lingkod ng Diyos. At kaya—at kaya iniisip ko na siya. . . Bilang nakikibakang mga Cristiano, ay sama-sama, nating paglakipin ang ating mga sarili't mga puso, at ipanalangin ang pagtitipon na 'yun, ng panalangin na di pa natin nagagawa. At hilingin na ibunsod ng Diyos, na sa kung anong paraan o ano't anuman, ay magkaloob ng mga kaluluwa, at tibagin ang luklukang 'yun ni Satanas, na ang mga tao'y isara nila ang mga gawaan ng alak at sunugin ang mga pabrika ng sigarilyo, at punuin ang mga simbahan at magkaroon ng isang tunay na makalumang husto-na-pagbubuhos ng Espiritu Santo. Magpala ang Panginoon!

16 Ngayon, may kaunti lamang akong bagay na maiba, medyo maiba sa umpisa. Ang kapatid ko pong lalaki ay may batang maliit dito na gusto nilang ihandog sa Panginoon. At sa tingin ko ay gawin muna natin ito bago manalangin para sa mga may sakit, kung loobin ng Diyos. At kung maaari lang na si Kapatid na babaing Gertie ay magpunta rito sa piyano. At lahat na po ng mga may maliliit na sanggol. . .

17 Ngayon, sa Biblia po, itinuturo sa atin dito na. . . Ngayon, marami—marami, marami-raming tao, may tawag sila dun sa pagbabautismo ng mga bata, 'yung pagwiwisik sa mga bata ng kaunting tubig, ang tawag nila ay "binyag" na pagbabautismo. Buweno, ngayon, wala namang kaso. Siyanga. Hindi naman nasasaktan 'yung sanggol, at sa tingin ko—sa tingin ko ay di napapahamak 'yung bata. At, may iba, na iba rin 'yung paraan nila ng pagsasagawa rito. At, hayan nga, gusto natin sa tuwina, na maging mas malapit sa abot ng makakaya natin, na manatili sa pamamaraan ng Biblia kung paano isagawa 'yun. At, ang pamamaraan ng Biblia, haya't wala sa Biblia na ginawa nila 'yung ganoon, sa mga sanggol. Yun lang. . .

Buweno, ngayon, dun sa Lumang Tipan, tinutuli nila ang mga sanggol.

18 Haya't iniisip ko kung puwede siguro na iusog ng ilang mga nakakatanda sa iglesya ang kapatid na babae rito nang kaunti diyan sa gilid, kung magagawa n'yo, hanggang sa matapos ang paghahandog sa mga bata; itong kapatid na babae rito na nasa stretcher. At, kaya, ayos lang naman siguro sa'yo, kalugud-lugod na kapatid na babae? Sandali lang ito. At atin nang. . .

19 At hayan nga, sa Lumang Tipan, tinutuli nila—tinutuli nila ang sanggol. At sa. . . Tinutuli nila ang sanggol.

20 At sa Bagong Tipan, 'yung bagay nga na ginawa nila roon, dinala nila ang maliliit na bata sa Panginoong Jesus, at kinuha

Niya ang mga bata sa Kanyang mga kamay, at pinagpala sila. At sabi, "Hayaan ninyo na ang maliliit na bata ay makalapit sa Akin, at huwag silang bawalan, sapagkat sa mga ganito ang Kaharian."

21 Ngayon kung may ilang nanay rito, na dala nila ang munti nilang sanggol, na nais nilang ihandog sa Panginoon, amin ngang ikagagalak na gawin 'yan sa oras na ito. Ay ngayon tayo po'y . . . nang may paggalang.

22 Ngayon, ano pong pangalan ng munting bata? [Sinasabi ng tatay, "Robert Lynn."—Pat.] Munting batang lalaki, Robert Lynn. Naku, napaka inam. Ngayon, siya po'y . . . Sa paniwala ko po'y inyong—inyong inampon ang bata . . . ? . . .

23 Ipinapakita lang n'yan ang puso ng isang—isang nanay sa isang bata. At kung iisipin, wala po silang anak, pero gusto nilang magpalaki ng isang bata, kaya kinupkop nila ang maliit na batang ito. Napagtatanto n'yo ba na lahat naman tayo'y kinupkop na mga anak din? Ganoon na lamang ang pag-ibig sa atin ng Diyos, na kinupkop Niya tayo sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus. At kaya tayong lahat ay mga kinupkop na mga anak. At, alalahanin n'yo, kung papaano nga na ang tatay at nanay na ito ay naisip nila na ang munting bata na ito ay walang tahanan na mauuwian, binigyan nila ang bata ng tahanan, para palakihin siya at pangalagaan siya. Maging tayo man ay walang tahanan na mauuwian, at binigyan tayo ng Diyos ng tahanan.

24 Isa pong kinupkop na bata. Ang pangalan niya ay Robert Lynn Branham; isa ngang napaka inam, na munting bata.

Ngayon sige't iyuko na natin ang ating ulo.

25 Aming kalugud-lugod na Makalangit na Ama, gaya nung mga panahon na nagdaan, ilan mismong mga tatay at nanay ang inilagay ang maliliit nilang anak sa Iyong mga kamay! At sinabi Mo, "Hayaan ninyo ang maliliit na mga batang ito, at huwag silang bawalan, sapagkat sa mga ganito ang Kaharian ng Langit." At ang munting batang ito na walang tahanan, ay naibigay sa isang tahanan, at inilagay Mo sa puso nila ang pag-ibig para sa sanggol na ito.

26 At, Ama, dalangin namin na Iyong pagpapalain ang nanay at tatay na ito, habang pinapalaki nila ang bata. At nawa po'y mapalaki siya sa isang tahanan ng pananalangin, at maturuan na dumalo sa simbahan, at mabuhay para sa Panginoong Jesus. Iyong pagpalain ang bata, minamahal na Makalangit na Ama.

27 At, ngayon, kung Ikaw ay narito sa lupa, sa isang korporal na katawan gaya ng kinatitindigan namin sa umagang ito, ay ilalagay nga nila ang bata na ito sa Iyong bisig. Pero Ikaw po'y pumaroon na sa Langit at itinalaga kami na ipagpatuloy ang pagmi-ministeryo na ito hanggang sa Iyong pagbabalik. At, Ama, kung papaanong ang kapatid ko sa dugo ay inilalagay ang

batang ito sa aking mga kamay, akin ngang itinatagubilin ang bata sa Iyo sa Pangalan ni Cristo. Iyo pong pagpalain ang batang ito at nawa'y mabuhay siya na malusog at malakas, at lumaki na isang lingkod Mo. Pagpalain Mo ang tatay at nanay, sa tahanan. Itinatagubilin nga namin ito sa Iyo, sa Pangalan ng Panginong Jesus Cristo. Amen.

28 Pagpalain ka, Agness, ika'y maging tunay na nanay; at ikaw naman, Jesse, isang tunay na tatay sa sanggol na ito. At nawa'y pagpalain kayo ng Diyos sa inyong mga pagpapagal. At ang Diyos ay mapasa inyo.

29 Kumusta ka? Ano pong pangalan ng bata? [Sinasabi ng isang kapatid na babae, "Robert Darrel."—Pat.] Isa na namang Robert. Buweno, mainam. Isang Robert Darrel.

30 At ano pong pangalan n'yo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Robertson."—Pat.] Isa ka palang nakababata. ["Opo."] At ang apelyido mo? ["McCloud."] McCloud. [Blangkong bahagi sa teyp. Naghahandog ng mga pananalangin ng paghahandog si Kapatid na Branham para sa mga sanggol.]

Bringing in the sheaves, bringing in the sheaves,
Oh, we shall come rejoicing, bringing in the sheaves.

Sowing in the morning, sowing in the night time,
Sowing in the noontide and the dewy eve;
By and by the harvest, then the time of reaping,
We shall come rejoicing, bringing in the sheaves.

31 Buweno, ang inam po. Dalhin papasok ang mga bungkos, 'yun nga ang ginagawa ng mga tatay at nanay na ito: dinadala sila tungo sa Panginoong Jesus.

32 Ang kapatid na babae na nakaratay sa stretcher, mukha ngang pinaka kalunus-lunos sa lahat, sa abot ng ating nakikita. Siya'y nasa isang stretcher. At tayo'y . . . Kung mayroon ngang indibiduwal . . . Gusto niyang maghintay muna ng ilang minuto, para mapakinggan ang Mensahe, bago siya maipanalangin. At iniisip ko na napaka, napaka inam n'yan. Kung mayroon pong isa riyan na di na makahintay, at gusto nang umalis, at kung nagnanais kayo na maipanalangin ngayon, ikinagagalak namin na gawin na ito ngayon, kung maitataas n'yo lang ang inyong kamay. Kung wala naman, idadaos natin ang pagpapagaling na gawain maya-maya pagkatapos ng . . . isang maikling mensahe; isasakto sa oras ng mga klase para sa Sunday school. Sige po. Pagkatapos ay babasahin natin ang Kasulatan at ilalahad ang Mensahe at, agad-agad, at pagkatapos ay gugugulin natin ang oras sa pila para sa pananalangin.

33 At ngayon, bago tayo magsimula, gusto ko pong kayo, lahat ng maigi ang pakiramdam sa umagang ito, na alalahanin n'yo ang mga maysakit, dahil mahalaga na magpanalanginan tayo sa isa't isa.

34 At natuwa nga ako nung nagpunta ako sa California nung isang araw, at bumisi-bisita ako sa mga tabernakulo kung saan siksikan talaga ang mga tao para makalapit lang. At dun nga sa Clifton's nakatayo sila roon sa pila na halos isang bloke na ng siyudad ang haba, doon mismo sa kalsada, makapag patotoo lamang. At sinasabi, "Kapatid na Branham, may kanser ako noon. Ipinanalangin mo ako. Ako'y—ako'y bulag dati. Ako'y *ganito* dati."

35 At talaga ngang buong haba ng kalsada, at napaka sarap nga sa pakiramdam! Naisip ko, "Diyos, ano pa kaya sa aming pagtawid at pagpunta sa kabilang ibayo? Hayun nga sila, na magkakatipon ng sampung makailang libo, na tatayo roon." At sadya ngang kamangha-manghang bagay 'yun sa oras na 'yun! Kaya, hayan nga, na itong mumunti nating pinagpapagalan ay di dapat ialintana. Ngayon dapat nga tayong humayo na tayo'y, kung maaari, hanggang sa di na natin kayang humayo pa, at talagang inubos mismo natin ang ating lakas at mahandusay.

36 At hayan nga na eeksena si Satanas, sasabihin, "Para sa ano pa't anong silbi n'yan? Ano bang dahilan at ginagawa mo 'yan?" Naku!

37 Pero hayan nga kung ibabaling mo ang isip mo sa ganoon, maiiba po ang isip mo, ano't anuman. Magiging. . . Yun ngang pagtingin mo sa mga bagay-bagay ay maiiba.

38 Ngayon, bago tayo dumako sa Salita, marahil manalangin muna tayo uli pansumandali.

39 Makalangit naming Ama, nang may nagpapasalamat na mga puso ay dumudulog po kami sa Iyo. Tunay, Panginoon, na nalalaman Mo ang bawat pagkakasangkap sa tao. At kung gaanong kahina't karupok ang tao, at kung gaanong walang lakas ang tao. At isa pong pagpapaumanhin bilang isang—isang lingkod Mo, yamang isang tao lamang, pero, Panginoon, Ikaw sa Iyo pong biyaya ay tinawag kami bilang Iyong lingkod. At amin pong nalalaman nang lubos, sa umagang ito, ang aming pagiging di karapat-dapat, at kaya hinihiling po namin na Iyo kaming tanggapin, Ama, ngayong araw na ito, at pahiran ng Espiritu Santo, at ipangusap sa amin ang nag-aaliw na mga Salita na Iyong sinalita sa Iyong Banal na Salita rito. At amin ngang idinadalangin na dalhin ng Espiritu Santo ang bawat Salita diretso sa puso, kung saan 'yun dapat lumagi, at doon ay umangkla at lumago na maging mausbong na kagalakang, mga punongkahoy ng pagkaligtas. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

40 Iyo pong pagalingin ang mga maysakit at nangangailangan. Alam po namin na nakaupo sila rito. At marami ang galing pa

ng milya-milya, at gumastos para sa hotel at mga bagay-bagay, na hinihintay ang pagkakataon na maipanalangin. Nagagalak po kami nang lubos-lubos para sa dakilang pribilehiyo na ito, Panginoon, na malaman na narito Ka mismo para pagalingin ang mga maysakit.

41 Diyos, isa sa mabagsik na karamdamang nalalaman namin, ay ang isang lalaki at babae na lipos-ng-kasalanan. Dalangin ko, Makalangit na Ama, na sa araw na ito, na Ikaw, sa isang espesyal na paraan, ay magpapahid, ngayong araw na ito, at ililigtas ang mga ligaw. Na ang bawat lalaki at babaing ligaw, nawa sila'y makadulog nang may kaluguran sa Luklukan ng awa at maligtas, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

42 Ngayon nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbabasa ng Kanyang Salita, habang dadako na tayo Rito. Ako po'y isang lubos na mananampalataya sa Salita. Hayan nga, dito, at mga ilang gabi ang nakararaan, ako po'y nangungusap sa isang bahagi tungkol sa—sa mga propeta na lumantad dun para manghula. Pero, si Micaya. . . matapos na bumuo 'yung apatnaraang propeta ng isang pagmamatigas na pader ng paninindigan. Sa kabila nun, sabi ni Josaphat, "Wala na bang isa pa?" Isa pa raw, samantalang apatnaraan na ang katatapos pa lang na naghayag ng Salita? Pero, si Micaya ay nanatili mismo sa Salita ng Diyos. Alam niya kasing may bagay na mali.

43 At sa tuwing may naririnig tayong anumang bagay na labas sa Salita ng Diyos, alam natin na may bagay na mali. Di tama sa pandinig. Sinabi ni Jesus, "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig, at sa iba'y di sila magsisisunod."

44 At salamat sa inyo, para sa pananalangin, para sa rebaybal sa Angelus Temple. Yung una pong gabi roon. . . Katunayan limampu't limang daan lang ang kapasidad nun; limang libo, limang daan. Ang pinapasok nila ay anim na libo, at kaya ang ginawa ng tagapangasiwa ng gusali para maiwasan ang banta ng sunog ay isinara na ang mga pinto, nang mga isang oras at kalahati bago ako makarating dun, sa Angelus Temple. At tunay po na ang ating minamahal na Panginoon ay nagligtas ng mga ligaw at nagpagaling ng mga maysakit! Kahanga-hanga po. At nung sumunod na araw . . .

45 Haya't ang ating kalugud-lugod na Kapatid na babaing Hicks, na dating nagtuturo noon ng Sunday school dito, akin pong nakatagpo siya roon at ang kanyang mga anak at asawa. At nakatagpo ko rin si Kapatid na Ben Bryant at lahat na mga mula sa tabernakulo rito, sa dako roon, sa kanluran, para—para makapagbuklod doon. Napaka gandang pagsasama-sama muli, na makita silang lahat muli!

46 Sa ika-17 kabanata ng San Mateo, bilang pagbabasa po lamang, sa umagang ito. Nais kong basahin ang isang bahagi rito para sa isang teksto. At nawa'y ipagkaloob sa atin mismo ng Panginoon ang konteksto sa Salita.

> *. . .pagkaraan ng anim na araw ay* isinama *ni Jesus si Pedro, at si Santiago, at si Juan na kapatid niya, at sila'y dinalang bukod sa isang mataas na bundok,*
>
> *At nagbagong-anyo siya sa harap nila: at nagliwanag ang kaniyang mukha na katulad ng araw, at pumuting tulad sa ilaw ang kaniyang mga damit.*
>
> *At, narito, napakita sa* kanya *si Moises at si Elias na nakikipagusap sa kaniya.*
>
> *At sumagot si Pedro, at sinabi kay Jesus, Panginoon, mabuti sa atin ang tayo'y dumito:* gawin. . .gumawa *tayo. . .kung* ibig *mo, ay gumawa tayo* sa iyo *rito ng tatlong tabernakulo; isa ang sa iyo,. . .isa ang kay Moises, at isa ang kay Elias.*
>
> *Samantalang nagsasalita pa siya, narito, ang isang maningning na alapaap ay lumilim sa kanila: at narito ang isang tinig na mula sa alapaap, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong kinalulugdan; siya ang inyong pakinggan.*

47 Idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbabasa ng Kanyang Salita.

48 Malimit na nakikipagtagpo ang Diyos sa iba-ibang bukluran ng tao. Sa tuwina'y nalulugod ang Diyos na makipag bukluran sa tao. At maraming beses, sa Lumang Tipan, hayan at kung babalikan natin ay masusumpungan natin kung paano nakikipagtagpo ang Diyos sa tao. At kahit na ano ang bilang ng mga tao, kinakatagpo ng Diyos ang tao. Kanyang kinatagpo minsan ang limang daan. At kinatagpo Niya, ang iba naman, na pitumpu ang bilang. Nakitagpo Siya, uli, sa labing-dalawa naman. Minsan ay kinatagpo Niya ang tatlo. At heto rin na kumatagpo Siya, uli, ng isa lang. At kahit na ano ang bilang ng bukluran, may pagkalugod ang Diyos na makipagtagpo sa tao.

49 Kaya, kahit na ang iglesya sa umagang ito ay di ganoong kalaki sa bilang ng kongregasyon o sa mismong sukat, gaya ng maraming sikat na mga katedral sa panahon ngayon, hayan pa rin na ang Diyos ay may pagkalugod na katagpuin tayo. Dahil, sinabi Niya, "Sa dalawa o tatlo na nagkakatipon sa Aking Pangalan, paroroon Ako sa gitna nila. Dalawa o tatlo man ang magkatipon sa Aking Pangalan, paroroon nga Ako sa gitna ng dalawa o tatlong ito."

50 At ang pagsasalarawan na ilalapat natin dito ngayon, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, aabutin tayo ng maraming oras para hukayin ang teksto, oo, baka mga ilang linggo pa

nga. At hinukay na Ito, nang maraming taon na, at, sa kabila nun, kalahati nito'y di pa nahuhukay mula sa kahanga-hangang teksto na ito, at siguro'y di kakayanin.

51 Dahil, ang Salita ng Diyos ay di katulad sa salita ng tao. Ang salita ng tao ay may kaakibat na kahulugan, o pagkaka lahad at base sa panahon na inilahad ito, pero ang Salita ng Diyos ay may Walang Hanggang kahulugan sa pagtugaygay mismo Nito sa mga kapanahunan. Bawat henerasyon ay siya ring Salita ang makukuha't makukuha, dahil Ito'y kinasihan, Walang Hanggan, walang katapusan, di-kailanman kumukupas na deklarasyon mula sa Diyos. Kahit na Ito pa'y . . . Yung mga alagad man ang nagbasa Nito sa kanilang panahon, may ibig ipakahulugan Ito sa kanila; si Wesley man ang nagbasa Nito sa panahon niya, at si Luther sa panahon niya, at si Calvin man sa panahon niya. Pero, hanggang ngayon, Ito'y ganoon pa ring kaningning at kaliwanag, at ganoon pa rin ang nakalakip na bisa na ibinubunsod Nito sa kanila gaya ng kung paanong bisa ang naroon nung una Itong sinalita, dahil Iyon ang Salita ng Diyos.

52 Yung sarili nating salita, haya't sinasabi lang nito, "John, pumarito ka sa bahay ko, ikagagalak ko na makita ka." Ganito nga ang salita natin, at ang ibig sabihin lang nun ay, "John, pumarito ka sa bahay ko."

53 Pero kapag ang Diyos ang magsasalita, iyon ay Walang Hanggan. Inihinga Iyon mula sa mismong hininga ng imortal, na walang hanggang Manlilikha Mismo. Kaya, ibig sabihin, walang paraan para malaman ang buong pagpapakahulugan ng alinman sa paglalahad ng Diyos. Iyon kasi'y para sa bawat kapanahunan, at bawat henerasyon.

54 Ngayon, sa pagkakataong ito, dito sa . . . itong narito sa harapan natin sa umagang ito, ay ang Diyos na nakikipag-usap sa tatlong indibiduwal.

55 Ngayon, ang bilang na *tatlo*, unang-una, ay ang piniling bilang ng Diyos patungkol sa "kaganapan." Pinili ng Diyos ang bilang na tatlo, at ang bilang na tatlo ay ang bilang ng Diyos patungkol sa pagiging ganap. Ang bilang na *pito* naman ang Kanyang bilang patungkol sa "pagsamba." Ang bilang na *limampu* ang Kanyang bilang patungkol sa "jubileo." Ang bilang na *apatnapu* ang Kanyang bilang patungkol sa "tukso." At ang bilang na tatlo ang Kanyang bilang na pinili Niya para tumugaygay, sa panahon ngayon.

56 Ngayon, ang bilang na tatlo ang bilang ng kaganapan, na ang ibig sabihin, ang Diyos ay pinaging ganap; ang nag-iisa't, tunay, na Walang Hanggang Diyos ay pinaging ganap mismo sa tatlong dispensasyon ng pagpapahayag ng Kanyang pagka-Diyos: Ama, Anak, Espiritu Santo. Hindi ibig sabihin ay may tatlong iba't ibang indibiduwal na diyos. Bagkus, may isang Diyos na isinasalarawan sa tatlo. Ang Diyos ay di tatlo. Ang

Diyos ay isa. Pero, tatlong pagpapahayag ng Kanyang pagka-Diyos, ibig sabihin, tatlong dispensasyon ng panahon sa lupa na pumapaging ganap sa nag-iisa't, tunay na nabubuhay na Diyos.

57 Nagpakita Siya kay Abraham sa nag-aapoy na kahoy, at pinangunahan ang mga anak ni Israel, sa pangalan ng Diyos, Ama, na isang Liwanag na nakapailanlang sa ibabaw mismo ng tabernakulo, na pinangunahan sila sa kanilang paglalakbay. Ang Diyos, Ama. At pagkatapos ang Ama, nang sa gayon ay magbunsod ng pagkakasundo sa pagitan ng Diyos at ng tao . . .

58 Gaya ng ipinapangusap ko rito di pa katagalan, sa palagay ko, nitong huli lang na narito ako sa tabernakulo, patungkol sa kalapati at kordero. Kung papaanong ang Diyos, lang, . . . Wala na kasing iba ang makagagawa pa nun. Ang Diyos ay bumaba sa lupa at ginawa ang gampanin Mismo. At nung katawanin Niya ang Kanyang Anak sa anyo ng isang kordero, ang pinaka maamo sa lahat ng mga nilalang, at katawanin Niya ang Sarili Niya sa anyo ng kalapati, ang pinaka maamo sa lahat ng mga ibon na lumilipad sa langit. At ang dahilan kung bakit Niya ginawa ito, ay upang ipakita na tanging kaamuan lamang ang maaaring manahan sa kaamuan, tanging kababaang-loob ang mananahan sa kababaang-loob. Kinakailangan na magkatulad.

59 Ang isang karpintero, o gumagawa ng aparador, alam niya kung ano ang kahalagahan ng pagsusugpong, gaya ng tawag natin dun, ipinaglalakip 'yung uka, o 'yung sugpong-sa-uka. Para mabuo 'yung sanglapad, kinakailangang paglakipin 'yung sugpong-sa-uka. At kapag paglalakipin, saktong-sakto sila sa isa't isa na lapat na lapat talaga. Na kahit tubigan, ay uumbok lang hanggang sa kahit hangin ay di makakatagos.

60 At kapag ang mananampalataya at ang Diyos . . . Ang Diyos nga'y ganap na ganap, na, sa pamamagitan ng pagtabas at paghulma sa mananampalataya, haya't sila'y lalakip dun. Sabi ni Pedro, "Mangagsisi, pagkatapos, ay magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo." Kita n'yo? Pinagiging ganap sila!

61 Kaya hayan nga na ang Diyos ay bumaba sa anyo ng isang kalapati, at nagliwanag sa ibabaw ng Cordero at nanahan sa Cordero, at di iniwan ang Cordero, dahil sila'y isa. Yun ang isa sa pinaka dakilang pagdating na nagkaroon ang mundo. Sige't tingnan natin pansumandali ang mga sandaling 'yun, sa labas ng aking teksto, na haya't ang langit at ang lupa ay nagyakap sa isa't isa. Na kung papaanong ang Diyos at ang tao ay ipinag kasundo sa isa't isa! Na kung papaanong ang mga nilalang na lumilipad sa kalangitan, at ang mga hayop na lumalakad sa kaparangan, ay pinaging-isa, sa pagkakasundo ng tao at Diyos sa isa't isa, sa pamamagitan ng Tao, ang Panginoong Jesus Cristo. Grabeng kamangha-manghang bagay!

62 Para manatili sa Diyos, panatilihin n'yo ang kagandahang-loob. Ang Diyos ay kagandahang-loob. Para manatili sa Diyos, manatili sa pag-ibig. Ang Diyos ay pag-ibig. Manatiling may kaamuhan. Manatili lang na . . . Huwag manangan sa sariling kakayahan. Magtiwala lagi sa Kanya. Huwag na huwag mong paiiralin ang sarili mong kaisipan; tanggapin mo ang Kanyang kaisipan. Ibunsod mo na ang Kanyang kaisipan ay maging iyong kaisipan. At ilagak mo ang mga Iyon sa iyong karnal na kaisipan, at ulit-ulitin ang mga Iyon. At sabihin, "Oh Diyos, Iyo pong tanggalin ang lahat ng aking pagdududa, at ibunsod na ang aking mga kaisipan ay maging Iyong kaisipan." At kayo po na mga maysakit, gawin n'yo po 'yan habang nangungusap tayo rito. Sige't iwaksi n'yo mismo, iwaglit ang kaisipan ng karamdaman. Ilagak n'yo ang mga kaisipan ng Diyos ukol sa pagpapagaling, ibunsod n'yo na ang mga Iyon mismo'y maging kaisipan n'yo.

63 "Bulayin ninyo ang mga bagay na ito," ang sabi ng Biblia, "anumang kapurihan, anumang kagalingan."

64 Silang tatlo, nagsasalita ang Diyos sa kanila. Ngayon, ang bilang na tatlo ay pagpapatibay. Isinama Niya dun sa Kanya, si Pedro, pananampalataya; si Santiago, pag-asa; si Juan, pag-ibig. "Pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ang tatlong ito." Kung mayroon kang pananampalataya at pag-asa at pag-ibig, malapit ka sa Kaharian ng Langit, kung ganoon; ang tatlong dakilang bagay. Isinama sila ng Diyos bilang pagpapatibay, dahil, "Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi, ay pagtitibayin ang bawat salita."

65 Pagkatapos, hayan nga uli, inilalahad dito ang paglalagay sa anak. Sa Lumang Tipan, kapag ang isang anak ay isinilang sa isang pamilya, binibigyan siya ng isang tagapagturo para palakihin siya't alagaan siya. Ang tatay ay tunay na abala, sa pagpapalakad ng kanyang kaharian. At ang bawat munting kaharian ay tinatawag na bahay.

66 Yun ang pagkakalahad, sa pagsasalin ng King James, Juan 14, ang sabi, "Sa bahay ng Aking Ama ay maraming mansyon." Ngayon, mukha ngang di tama ito sa pandinig natin na mga tao rito sa kanluran na ang mansyon at bahay sa atin ay magkaiba. Pero nung panahon na isinusulat noon ang Biblia, ang mansyon ay nasa loob mismo ng bahay, dahil ang ibig sabihin ng bahay ay kaharian.

67 At ang tatay na ito ay marami siyang manggagawa sa kanyang pataniman, nasa lahat ng dako, dose-dosena. At nung isilang ang anak, ang tatay ay may piling, edukadong, tao na mapagpakumbaba, isang piling tao na isang malapit talaga sa kanya, bahagi ng kanyang kaharian, isang tagapagturo. Yung ganoon lamang uri ang ipababantay ng tatay sa kanyang anak.

68 At ganoon din na ang Ama sa panahon ngayon ay naglagay ng tamang uri ng Tagapagturo sa Kanyang mga anak, kayo at ako. Isang pili mismo, na wala nang iba't ang mismong puso't kaluluwa ng Panginoong Jesus, na siyang magpapalaki para sa ikalulugod ng Diyos.

69 Ganoon nga na ang tagapagturong ito'y piling-pili! Siya'y kinakailangan na isang matalinong tao, piling-piling tao, na may pag-ibig sa ama, na ang ituturo lamang sa bata ay mga tamang prinsipyo.

70 At ganoon na lamang na ang Espiritu Santo, sa panahon ngayon, pagdating Nito, haya't lahat ng mga bagay ay mistula bang pangalawahin na lamang sa pagdating ng Espiritu Santo. Sabi-sabihin man ng mga tao, "Lipas na ang mga araw ng mga himala," pero hayaan n'yong ang isang tao na ipinanganak na muli ng Banal na Espiritu, ay minsang, humarap dun. Yamang, ang itinuturo lamang Niya ay kung ano ang katotohanan. Ang ipinapangusap lamang Niya ay ang Ama.

71 Mas pipiliin ko nga ang isang tao na di niya kabisado ang kanyang ABC, na turuan ang aking anak, na ang taong ito'y may taglay na Espiritu Santo, kaysa sa lahat ng mga propesor sa buong mundo na di naman taglay ang Espiritu Santo. Dahil, ang ipinapangusap Niya ay ukol sa Ama. Kita n'yo? At ang Espiritu Santo'y nangungusap ukol sa Ama. At pagkatapos ay ituturo Nito sa bata, "Na hindi tangayin nang magkabi-kabila ng bawat hangin man ng turo't aral," bagkus ay tanggapin at sampalatayanan ang mga prinsipyo na inilatag ng Ama.

72 Yan ang dahilan kung bakit naibunsod na ang Makalangit na kagalingan ay maging simple na lang, sa isang tunay talaga na mananampalataya, dahil itinuro na 'yun mismo sa kanya, ng Espiritu Santo, na sampalatayanan ang lahat ng mga bagay. Papaano n'yo nga pag-aalinlanganan ang Salita ng Manlilikha?

73 Papaano nagkaroon ng mundo? Saan kumuha ang Diyos ng materyales para gawin ito? Napahinto na po ba kayo minsan para bulayin 'yun? Sinalita Niya lamang. At, kung tutuusin, ito mismong mga nilalang na narito ngayon ay di ba't ang Salita ng Diyos na nahayag. Isipin n'yo 'yun. Itong mga punongkahoy na mga tumutubo, ay Salita mismo ng Diyos. Yang mga bundok na 'yan na abot hanggang himpapawid, at ibinubunsod sa atin, kung gusto natin makakita ng kagandahan, ay haya't tumingin lang sa kabundukan. At habang pataas nang pataas ang pag-akyat mo ng bundok, ay mas dalisay at malinis mismo.

74 Sa pagtayo n'yo roon sa nagyeyelong kalaparan sa hilagang British Columbia! Sa pagtanaw n'yo rito, sa may latian; taas pa nang kaunti, ang tubig ay dumadaloy nang mas malinis, mas bughaw at mas puro, wala nang lilim na mga puno. Para bang sinasabi mismo ng kalikasan, "Tumingin ka pa sa itaas." At sa pinaka taas mismo ng malaking balot ng yelo na maningning na

kumikinang na parang araw, nakatingin ka sa itaas. Kung gusto mong makakita ng buo't tunay na mga bagay, at dalisay na mga bagay, tumingin kayo lagi paitaas. Itinuturo mismo ng bundok. Sabi ni David, "Tumingin ako sa mga bundok kung saan galing ang aking saklolo. Ang aking saklolo ay galing sa Panginoon."

75 Itinuturo sa tuwina ng tagapagturo ang anak sa ama, na anupa't magtiwala sa ama. At, hayan nga, na ang tagapagturo ay isang tagapagsanay.

76 Ngayong umaga, habang minamasdan ko ang minamahal kong munting katuwang, at nakita ko ang munti kong anak na lalaki, nung biglang mag-alburoto siya sa may hapag, sa harap nung plato niya ng mga itlog at iba pa, na malugod na inihanda ng nanay para agahan niya. At sinisikap ng maybahay ko na turuan siya na kumain gamit ang kutsara. At 'yung anak ko nama'y maling kamay ang ipinanghahawak.

77 Buweno, kung sa akin lang, ang sabi ko, "Hayaan mo na't 'yang kamay na lang na 'yan ang gamitin niya." Pero mas nakakaalam ang nanay. Alam niya kasi, na kung hahayaan lang niya ang bata na ganun ang gawin, ang bata'y magiging ambidextro o kaya nama'y kaliwete, at di 'yun normal. Kaya, bilang isang tunay na tagapagsanay, pinasasanay niya ang bata na kabilang kamay ang gamitin, gayong di gusto nung bata. Pero, alam ng nanay ang mas nakabubuti.

78 At maraming beses, ang ating tagapagsanay, ang Espiritu Santo; mali 'yung inaakala natin na dapat na paggawa. Pero, kung minsan nakakasakit talaga. Kung minsan nararatay tayo sa banig ng karamdaman. Kung minsan marahil sasabihin ng doktor na wala nang pag-asa pa. Pero, ang Espiritu Santo nga mismo'y tuturuan tayo na gamitin ang tamang kamay. Alam Niya kasi ang nakabubuti. Alam Niya kung ano ang ibig ng Ama na kung papaano ba gawin. Siya ang tagapagsanay. At naisip ko . . .

79 Si munting Joseph, ayaw niyang gamitin 'yung tamang kamay, kaya ang ginawa ng nanay ay umabot at kinuha 'yung pamalo niyang patpat, na mga ganoong kahaba, at hinampas 'yung isang gilid. Tumingin 'yung anak ko sa akin. Pero, sa kabila ng, iniibig ko ang anak ko nang buong puso ko, na kahit pa mamatay ako para sa kanya, pero nalalaman ko nga na mas alam ng nanay ang nakabubuti. Sabi ko, "Sinasanay lang niya ang bata."

80 Di nga tayo makatatanaw para makakuha ng simpatiya, at kaawaan tayo, nang labis-labis. Kinakailangan nating makinig mismo sa pagsasanay-mula-pagkabata ng ating Ama. Alam Niya kasi ang nakabubuti. Kung minsan sinasabi natin, habang ang Ebanghelyo ay ipinapangaral, "Oh, dun na lang ako sa simbahan pupunta, di nila . . . Oo, paniniwalaan ko na lang Ito sa *ganitong* paraan." Kita n'yo? Pero, alalahanin n'yo, ang Espiritu

Santo ang nakakaalam kung ano ang mas nakabubuti. Alam na alam Nito kung paano kayo sasanayin. Kung minsan, may patapik-tapik nung patpat, para itama kayo. [Kumakatok si Kapatid na Branham nang pitong beses sa pulpito—Pat.] Dapat n'yong alalahanin, na itinalaga Siya ng Diyos para—para maging tagapagsanay-mula-pagkabata para sa Iglesya. At iniibig Niya ang Ama, at lagi Niyang ituturo ang Ama.

81 At, ngayon, kapag sinasanay ang bata, hindi ibig sabihin nun na 'yung bata'y . . . Haya't tunay namang anak nung tatay 'yung bata. Pero kung masuwayin siyang bata, na lagi niyang binibigyan ng problema ang tagapagsanay. Palagi-lagi na lang, labas-masok, paroo't parito. Buweno, pagkatapos, ipapaalam nga ang bagay na 'yun sa tatay, kapag tatanungin nung tatay. "Kumusta na ang pagpapabuti ng aking anak?"

82 Pagkatapos marahil sasabihin, "Di po maganda." Buweno, hayan nga, tunay, na malulungkot 'yung puso ng tatay.

83 At ganyan na ganyan sa panahon ngayon, kapag dadalhin ng Espiritu Santo ang ating ulat sa harap ng Diyos. Yamang sa ating pagiging anak ng Diyos, kinakailangan nating lumakad na karapat-dapat sa pagtawag na 'yan. Kinakailangan nating lumakad na karapat-dapat sa lahat ng bagay na inilatag ng Diyos na dapat nating gawin. Dahil sinasanay tayo ng Espiritu Santo, sinasanay-mula-pagkabata. Naranasan n'yo na ba . . .

84 Nung ako po'y paslit pa lang, 'yung tatay ko'y iba kumpara sa ilan sa mga modernong tatay ng panahon ngayon. Yung tatay ko'y naniniwala na dapat mamalo, at talagang namamalo siya. Naaalala pa namin ang mga pamamalo na 'yun. At ako po, maski, mapasa hanggang ngayon, na apatnapu't pitong taong gulang na ako, ay naaalala ko pa rin 'yun. Pero mainam ang idinulot nun sa akin. Sinanay ako nun. Kung magagawa ko lang na pumunta sa libingan ng tatay ko ngayon at bangunin siya, ang unang-unang bagay na gagawin ko ay kamayan siya at yakapin siya dahil sa bagay na ginawa niya.

85 Kung ganoon ang pakiramdam ko sa makalupa kong tatay pa lang, ano pa kaya sa araw na 'yun na tatayo na tayo sa Kanyang Presensya? Kapag, nakita na natin na nangyari ang mga 'yun para pala sa ikabubuti natin, na kinailangan Niyang paluin tayo nang kaunti rito, at sanayin tayo mula pagkabata, at alisin ang mga bagay ng sanlibutan, at ibunsod tayo na lumakad bilang mapagpakumbabang mga anak sa Kanyang harapan. Mistula ngang mahirap sa simula, pero alam mismo ng Diyos ang Kanyang ginagawa. Tunay. Alam na alam Niya ang Kanyang ginagawa. At Siya, pagkatapos, habang unti-unting dinadala ng Espiritu Santo ang Salita . . .

86 Mangyari nga, na kapag ang bata ay di pa rin masunurin sa pagsapit niya ng edad, sa edad na matanda na, mangyari nga

na . . . Ang anak ay anak pa rin naman, tunay, pero may bagay siya na mawawaglit.

87 At heto nga ang punto na gusto kong idiin mismo. Kunin nawa ito ng Espiritu Santo't dalhin sa bawat puso n'yo na mga mananampalataya. Yamang ikaw ay mananampalataya, tunay na taglay mo ang Buhay na walang hanggan; 'yan mismo ang sabi ng Diyos. Pero gusto n'yo ba 'yun na makakapasok kayo roon, na gaya ng sabi ni Job, "Sa balat ng aking ngipin"? Gusto n'yo ba 'yun na dadako't haharap kayo sa Ama, at 'yung talento na ibinigay Niya sa bawat isa sa inyo, ay naging pabaya kayo, na di n'yo 'yun ginamit, o dili kaya'y hinayaan n'yo na may bagay na humarang sa inyong daan? Na binibigyang-puwang n'yo 'yung maliliit na simpleng mga bagay na di naman kayo dapat apektado nang husto, kung tutuusin, na mumunting mga pagkaligalig, at pagkabahala, at pagtatalo-talo, at kung anu-anong di-pagkakaunawaan sa iglesya, na iwinaglit tuloy ang kaamuan at kagandahang-loob mula sa buhay n'yo. Gusto n'yo ba 'yun na tatayo kayo sa harapan ng Ama na ganoon kayo? Naniniwala nga ako na di n'yo gusto. Naniniwala ako na di n'yo gagawin 'yun. Kahit ako man.

88 Ang gusto ko ngang marinig na sabihin Niya, "Mabuting gawa." Hindi sa balat ng aking mga ngipin; pero, "Mabuting gawa, mabuti at tapat Kong lingkod. Pumasok ka sa kagalakan ng Panginoon, sapagkat mabuting gawa ang iyong ginawa."

89 Marahil isa kang maybahay. Kung ikaw, haya't ginawa ka ng Diyos na maging tagapagturo ng iyong mga anak. Gawin mo ang gawain na 'yan nang mabuti. Kahit na ano pa ang iniatang sa iyo na gawin, gawin mo nang mabuti.

90 Pansinin, pagkatapos, kung ang bata'y napatunayan mismo na tunay na karapat-dapat sa mga bagay na taglay ng tatay sa pamamahala ng kanyang kaharian, at ang bata ay naging tunay na tapat na anak, kung ganoon ay ipararating ng tagapagturo ang ulat sa ama, "Oh, ang iyong anak . . . "

91 Oh, ngayon, 'yun po ang ulat na gusto kong iparating Niya patungkol sa inyo at ako. "Oh, ang Iyong anak, ang buo niyang diwa ay nakalagak mismo sa Iyo. Ang tanging sinisikap niyang gawin ay malugod Ka. Ganoon na lamang siyang kainteresado sa Iyong gawain, na anupa't mahirap na siya'y pigilan pa."

92 Mas pipiliin ko pang nasobrahan ako sa pagkamasigasig ukol sa Kaharian ng Ama kaysa sa wala man lang sigasig, para Rito. Mas pipiliin ko pang nasobrahan ako sa paggawa. At gaya nga ng nabanggit sa akin ng mangangaral ng church of Christ, di pa katagalan, "G. Branham, mas pipiliin kong—mas pipiliin kong mapudpod ako kaysa sa kalawangin." At totoong-totoo po 'yan. Mas pipiliin kong mapudpod, "at mamatay na suot ang pamigkis," gaya ng pagkakasabi ni Kapatid na Neville, kaysa sa tumangging suotin man lang ang pamigkis. Wala nga kayong

mas masahol pa na magagawa kaysa sa tumanggi na sumubok. Haya't gawin talaga natin ang lahat ng magagawa natin batay sa iniatang sa inyo na gawin. At ang Espiritu Santo, ang ating Tagapagturo, ay ipararating 'yun sa Ama.

93 At ngayon, pansinin, kung 'yung bata ay naging magiting na bata, mangyaring iuulat 'yun sa tatay. At sa . . . Oh, talagang gustung-gusto ko itong Salita! Sa isang itinakdang panahon, na mismong tatay ang nagtakda, yaong bata . . . ang luwalhati't karangalan niya ay ilalahad sa publiko. Dadalhin ng tatay ang sarili niyang anak, sa isang pagdiriwang, at dadalhin siya sa mga pampublikong lugar. Matapos na ang kanyang . . . Yamang ang bata ay sarili niyang anak, na isinilang mismo sa kanyang sariling tahanan, pero, heto nga na ang anak ay ilalagay sa pagkaka posisyon sa pamilya, para manahin ang lahat ng mga bagay na kamit ng tatay. Nakikita n'yo ba?

94 Ngayon, kung tayo lamang ay magpapakabait, darating ang isang maluwalhating araw na magiging tagapagmana tayo ng lahat ng mga bagay. Ang Diyos, sa Kanyang itinakdang araw, na hahatulan Niya ang lahat ng mga tao sa pamamagitan ni Cristo Jesus. Darating ang panahon na ipagkakaloob ng Diyos ang mga gantimpala para sa mga matatapat, at ipapataw ang di pagtanggap para sa mga nabigong maging tapat.

95 Bago lamang ang paglisan ng Panginoong Jesus . . . na ang Diyos ay sumasa Kanya; ang Kalapati'y pinapangunahan ang Cordero. "Hindi Siya dumating para gawin ang Sarili Niya, bagkus ay gawin ang kalooban ng Ama na nagsugo sa Kanya." Pinangunahan Siya ng Espiritu, para isama roon sina Pedro, Santiago at Juan, patungo sa lubhang napakataas na bundok na ito. Gustung-gusto ko ito!

96 At, isa pang punto, sige't pasensya na po kung kumakain ako masyado ng oras, pero gusto ko lang ilatag ito sa harap ng mga tagapakinig dito sa umagang ito, na ito'y may isa pang kahulugan. Matapos na lisanin ang bundok at bumaba na, may tanong na itinanong, "Ano ba ang sinasabi ng mga tao kung sino Ako na Anak ng tao? Sino? Ano ba ang sinasabi-sabi ng mga tao patungkol sa Akin? Yamang Ako'y nakasama ninyo, at Ako'y nahayag sa inyo, ngayon ano ba ang sinasabi ng mga tao patungkol sa Akin na Anak ng tao?"

97 Masdan n'yo. Napakaganda ngang larawan ng panahon ngayon! Matapos na tanggapin n'yo si Cristo, matapos na kayo nga'y mapuspos ng Espiritu, ano ang sinasabi-sabi ng mga tao patungkol sa inyo ngayon? Ano ang sinasabi ng mga tao, kapag nakikita nila kayo na talagang maemosyon na di n'yo mapigil ang mga sarili n'yo, na ang mga luha ng kagalakan ay tumutulo mismo sa inyong mga pisngi, na di n'yo maibaba ang inyong mga kamay kapag kayo'y umaawit ng mga awitin ng Zion; na kapag di n'yo mapigil ang sarili n'yo, na kapag nakikita n'yo

ang pagkakasala at kinakailangan n'yong kausapin ang tao na 'yun nang mapayapa't tahimik? Ano ba mismo ang sinasabi ng mga tao patungkol dito? Ano nga ba ang sinasabi-sabi ng mga tao, sa panahon na kayo'y nakaratay, naghihingalo, mayroong kalumbayan, kahabag-habag, nasa kamatayan na mamamatay na, at hihilingin n'yo sa isang anak ng Diyos na samahan kayo sa pananalangin para sa inyong kagalingan; at ipagtatapat n'yo ang inyong mga kamalian at ilalapag 'yun sa harap ng Ama, na sasabihin, "Ama, patawarin Mo po ako, at ngayon ay akin na mismong tinatanggap si Cristo bilang aking tagapagpagaling," at kayo'y gumaling?

"Ano ba ang sinasabi ng mga tao kung sino Ako na Anak ng tao?"

98 Nakatingin ako ngayon sa mga narito na nakikinig, at ang ilan sa inyo ay kakilala ko; dumaan sa paghihirap, mga ilang taon na rin ang nagdaan, mamamatay na noon sa kanser, nasa huling yugto na. Ang ilan pa nga sa inyo ay nasa lahat na ng kalagayan, kondisyon, bulag. At ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ay pinagaling kayo. At sa paglalahad n'yo sa harap mismo ng mga tao ng magiting n'yong patotoo...

"Ano ba ang sinasabi ng mga tao kung sino Ako na Anak ng tao..."?

99 Ano ba ang sinabi ng mga tao patungkol dito? Ganoon nga na nagbago man ang eksena mula nung panahon na 'yun, ay haya't, ganoon pa ring kaitim tulad dati! May iba na ang sabi, "Pagka-panatiko lang 'yan." May iba na tinawag pa Siyang, "Beelzebub." May iba na ang sabi, "Pagbabasa lang 'yan ng pag-iisip." May iba na ang sabi, "Nabigla lang 'yan." May iba na ang sabi, "Pagka-panatiko lang 'yan." May iba na ang sabi, "Emosyon lang 'yan."

100 "Pero kayo ano ang masasabi ninyo patungkol dito? Ano ang masasabi n'yo tungkol sa bagay na ito?"

101 Si Pedro na mapusok na ugaling sumagot nang di naman niya pagkakataon para magsalita, pero sa pagkakataong ito ay di siya naging mapusok. Sabi niya, "Ikaw si Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos. Di ko alintana anuman ang sabihin ng iba pa sa kanila. Yan ang nalalaman ko. Na Ikaw si Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos."

102 Pakinggan n'yo. Makakapanatili nga tayo riyan nang matagal. Pero umusad na tayo. Sabi ni Jesus, "Mapalad..." Magbitiw man ang mga tao ng masasamang salita, manlibak man ang mga tao. Sabihin man ng mga tao na kayo'y isang holy-roller. Bansagan man kayo ng mga tao ng kung anu-anong mga bansag sa ilalim ng araw. Pero ang sabi Niya, "Mapalad ka, Simon Bar-jonas. Ang iyong ama..."

103 Heto na. Handa na ba kayo? "Sapagkat di ito inihayag sa iyo sa pamamagitan ng laman at dugo. Di mo ito natutunan sa pamamagitan ng kung anong dogmatikong seminaryo. Ni hindi

mo ito natutunan mula sa kung anong deklarasyon ng kung anong teolohiya ng kung sino. Di ito inihayag sa iyo ng laman at dugo, bagkus ang Ama Ko na nasa Langit ang naghayag nito sa iyo." Nakita n'yo na kung saan 'yun nanggaling? Mula sa Tagapagturo, ang Espiritu Santo, ang mismong naghayag nun sa pamamagitan ng kapahayagan.

104 "At sinasabi ko sa iyo, na ikaw Pedro, ang maliit na bato. Ako ang malaking Bato. Ako ang Panulukang-Bato, pero ikaw ang maliit na batong inilagak sa ibabaw Ko. Pinili ka ng mga Tagapagtayo. Hindi mo pinili ang sarili mo. Pinili ka ng mga Tagapagtayo. Ang mga Anghel ng Diyos, isang gabi, sila'y nagtratrabaho sa minahan ng bato, tinawag ka, at nagpasakop ka sa Akin. At tinapyasan Kita nang sa gayon ay mahubog ka ayon sa Aking sariling kagustuhan. Ginawa Kita sa paraan na nais ko para sa iyo. Ako mismo ang naglagari; naglumagak ka lamang. At inilalagay Kita ngayon bilang isang maliit na bato, para umakma kasama ng iba pang bato, para tugaygayin ang bato na 'yun; at ang bato na *'yun* at tumugaygay naman sa isa pang bato na *'yun*, at sa bato na *'yun*. At ang semento ng pag-ibig ay dalhin kayo sa paglalakip, na tumutugaygay mismo sa Patibayan, na Ako, para maglakip-lakip nang sama-sama sa bawat bato na nagpapahayag ng Pangalan Ko at tumatanggap sa kapahayagang ito."

105 "At sa ibabaw ng batong ito, ang kapahayagan ng Diyos, na mananatili lamang sa pagkakalagak at tatapyasin, (ang bato, sa pamamagitan ng kapahayagan), itatayo Ko ang Aking Iglesya, at lahat man ng mga pintuan ng impyerno ay di makapapanaig laban Dito." Ipinapakita lang, na tiyak, lahat ng mga pintuan ng impyerno ay laban mismo rito, pero di makapapanaig.

106 Haya't kukunin ko lamang ang sandaling ito, kaibigan ko, na, ang buong Iglesya ng buhay na Diyos ay kapita-pitagang nakatayo sa ibabaw ng espirituwal na kapahayagan patungkol sa Panginoong Jesus Cristo. Kahit gaano ka pang kaedukado, gaano ka pang katalino, gaano ka pang katiyak sa sarili mo na kabisado mo ang Biblia, haya't mas nalalaman pa Ito nang maigi ni Satanas kumpara sa iyo. Pero sa pamamagitan lang ng kapahayagan, ang Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na inyong Tagapagturo, ang maghahayag nun sa inyo, na Kanyang ililigtas kayo sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

107 Kung maghahayag lamang Siya sa inyo sa umagang ito, sa pamamagitan ng kapahayagan, na ito na ang katapusan ng inyong paghihirap, na ito na ang katapusan ng inyong sakit, [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang limang beses—Pat.] lahat ng mga diyablo na nariya't nagpapahirap ay di nila kailanman mauuga ang patibayan na 'yun, kahit sabihin pa ng bawat doktor na may kung anong mali. "Dahil sa ibabaw ng batong ito'y itatayo Ko ang Aking Iglesya, at mga pintuan man ng impyerno'y hindi makapapanaig laban Dito."

108 Yun ma'y maging laban dun, haya't di ito makapapanaig. "Sapagkat dumating man ang kaaway na parang bugso ng tubig, ang Espiritu ng Diyos ay magtataas ng panlaban dito," sa lahat ng pagkakataon. Nakikita n'yo ba? Nakukuha n'yo? Ngayon, si Jesus, haya't nahayag mismo sa mga alagad.

109 Tingnan n'yo 'yung halaman ng Eden, noong si Cain ay nagdala ng hain sa pagsamba, gaya ng ginawa rin ni Abel. Siya nga'y sumamba. Siya'y nagbigay mismo ng kaloob sa iglesya. Siya nga'y nagbigay ng hain. Ginawa niya ang bawat gawaing ukol sa relihiyon, nang mas magarbo, mas mainam, mas kaaya-aya pa nga, kumpara sa ginawa ni Abel. Mas mainam pa ngang dambana ang itinayo niya. Mas kabigha-bighani ang pagkaka gawa niya. Naglagay siya ng kabighanian sa pagsamba niya. Nakikita n'yo ba 'yung namanang katangian na 'yun sa mga anak ni Adan? Hinaluan niya 'yun ng kabighanian, gamit 'yung mga bunga ng kanyang bukid, at ng malaking bulaklak na liryo. At haya't, di lang 'yun ang ginawa niya, siya pa nga'y sumamba rin. "May daan na sa tingin ng tao ay tama." Pero, 'yung ginawa niyang 'yun, siya'y sumamba sa pamamagitan ng karunungan. Haya't hindi siya sumamba sa pamamagitan ng kapahayagan.

110 At posible 'yun. Nakukuha n'yo na. Pakinggan n'yo. Maaari nga kayong makasamba sa pamamagitan ng karunungan lang. Makadadalo ka ng simbahan, sa pamamagitan ng karunungan na dapat mong gawin 'yun. Pero 'yung pagpunta mo nga sa iglesya, sa ganoong paraan, ay pagsamba mismo nang walang kabuluhan. Pero kung may bagay na nangyayari sa kaibuturan ng puso mo, na nagbubunsod sa iyo na ibigin mismo ang Diyos, sa paraan na talagang di mo gugustuhing mapalayo sa iglesya, 'yun ay kapahayagan, na ang Diyos ang naghahayag.

111 Wala pa silang Biblia nung panahon na 'yun. Wala pa nga silang papel mismo o sulatan man lang para sulatan. Wala pa silang mga eskuwelahan noon ng edukasyon. Kaya, si Abel, sa pamamagitan ng kapahayagan, haya't inihayag 'yun sa kanya ng Diyos, na, "Hindi 'yun sa pamamagitan ng kabighanian, ni sa mga bunga ng bukid, o mansanas man, na siyang nagbunsod na sila'y palayasin mula sa halaman ng Eden, bagkus sa dugo." At nahayag 'yun sa kanya, at kaya gumayak siya't kumuha ng kordero. Sa pamamagitan ng kapahayagan, paunang nakita niya ang Pagdating ng Banal na Cordero. At nahayag ang bagay na 'yun sa kanya, kaya kordero ang kinuha niya. At sa pamamagitan ng kapahayagan, ay iniaalay 'yun sa Diyos, at tinanggap. At ang buong Iglesya'y itinayo mismo sa ibabaw ng espirituwal na kapahayagan. Ang ganda!

112 Ngayon, patapos na tayo. Naroon sila sa bundok. Haya't matapos na si Jesus ay maging masunuring Anak; ang laman, ang Cordero, ay pinangunahan ng Espiritu Santo, ang Diyos ay kumikilos sa Kanya. "Naparito Ako hindi para gawin ang kalooban Ko, kundi ang kalooban Niya na nagsugo sa Akin.

At Siya na nagsugo sa Akin, ang Ama na nagsugo sa Akin, ay kasama Ko. At yamang ang Ama na nagsugo sa Akin, ay haya't humayo kasama Ko, ay gayundin na isinusugo Ko kayo." Di lang Niya isinugo, bagkus Siya'y sumama mismo sa Kanya.

113 At di nga nagkakaloob ng edukasyon ang Diyos sa isang tao at pagkatapos ay isusugo ang tao na 'yun na ang taglay ay kung anong deklarasyon ng seminaryong karanasan. Bagkus, kung ang tao ay sinangkapanan, ang Diyos ay humahayong kasama siya. "Ako'y sasama sa inyo, at mapapasa inyo, hanggang sa dulo ng kapanahunan."

114 Pansinin, napaka ganda, oh, kung papaanong ang ginagawa mismo ng Salita na kasamang humahayo! Kung papaano ngang sinisemento Ito ng Espiritu Santo doon sa puso ng mga tao, sa pamamagitan ng kapahayagan at ng pag-ibig ng Panginoong Jesus. Masdan n'yong maigi.

115 Doon, pagkatapos ng pagsunod, "sa bibig ng dalawa o tatlong saksi," ang pinaka mainam na mga saksing tumayo sa ibabaw ng lupa. Pag-ibig...Sina Pedro, Santiago, at Juan; pag-asa, pananampalataya, pag-ibig. Sa ilalim ng pagsaksi ng pag-asa, sa ilalim ng pagsaksi ng pananampalataya, sa ilalim ng pagsaksi ng pag-ibig; ipinuwesto ng Diyos ang Kanyang Anak, sa pagkakaposisyon, nang hayagan sa publiko, sa harap mismo ng tatlong pinaka dakilang pagpapahayag (pag-asa, pananampalataya at pag-ibig) na nalalaman ng mundo.

116 At, doon, gaya ng isang tatay noong sinaunang panahon na ilalantad ang kanyang anak na lalaki at ipasusuot ng balabal, at magdaraos ng seremonya, at pagkatapos nun 'yung pangalan ng anak ay kasing inam na ng pangalan ng tatay. Na ang anak ay tagapagmana na ng lahat ng mga bagay.

117 At dinala ng Diyos si Cristo sa bundok ng pagbabagong-anyo, sa harap ng saksing pag-asa, pananampalataya, at pag-ibig, at nililiman Siya ng isang Ulap. At ang sabi ng Biblia, "Nagliwanag ang Kanyang damit na parang araw. At isang Tinig ang nagbuhat sa Langit, na sinasabi, 'Ito ang sinisinta Kong Anak.'"

118 Ngayon, si Pedro ay tila ba natuwa nang husto, gaya ng inaasahan. Isa nga siyang lalaki na masigasig talaga. At ako nga'y naghahangad na tayong lahat ay maging masigasig; dahil madalas nakakapagsabi ka ng maiinam na mga bagay sa iyong pagkamasigasig. Pero si Pedro nga'y nasabik nang husto nung makita niya mismo ang nangyari. Ibubunsod kasi ng Diyos na siya'y makapagpatotoo sa ilang saglit pagkatapos nun, kapag nakababa na sila galing doon. Pero nung masaksihan niya mismo, na nakatayo...Hayun nga ang tatlong 'yun sa gawi rito: pag-asa, pananampalataya, at pag-ibig. At may tatlo na nakatayo roon sa ibayo ng bundok: sina Pedro, Santiago, at Juan, *dito*. Sina Moises, Elias, at Cristo, ang nakatayo naman *doon*, sa

isang pagpapatunay ng tatlong ito rito. Ngayon, sila'y tumingin. Dun nga'y nakatayo sina Moises, unang-una; sunod na nakatayo si Elias, ang propeta.

119 At may mga tao nga na nagtatanong sa atin, "Makikilala ba natin ang isa't isa sa pagsapit natin doon?" Samantalang, sina Elias at Moises ay matagal nang wala, makailang daang mga taon na nga. Kaya di lang natin makikilala ang isa't isa, haya't makikilala rin natin sila na di pa natin nakikita kahit kailan. Sina Pedro, Santiago, at Juan, di naman nila nakita kailanman si Moises, at sa kabila nun ay kanilang nakilala sila sa isang kisap-mata, nung sila'y nakatayo roon sa ilalim ng Anino ng Pinaka Makapangyarihan sa lahat. Ano kaya rin naman sa pagtayo na natin Doon? Siguradong makikilala ko si Sankey kapag nakita ko siya. Makikilala ko ang tinig niya, gayong di ko naman siya nakita kahit kailan. Makikilala ko si Wesley. Makikilala ko si Moody, si Calvin, si Knox. Makikilala natin silang lahat sa pagsapit natin dun. Tataglayin natin ang isang ibang anyo kumpara sa kung ano tayo ngayon. Mapaparoon tayo sa isang pansamantala. . . o—o, sa isang niluwalhating kalagayan. Yun ang nangyari kina Pedro, Santiago, at Juan noon. Kaya, sa unang paglalarawan na 'yun, kung nagawa nilang makilala ang mga kalalakihan na 'yun, nang walang mintis, na wala naman silang nakita o natingnang litrato man lang, na ang mga taong 'yun ay daan-daang taon nang wala; pero, sa isang paunang paglalarawan, ay nagawa, sa iglap ng sandali'y nakilala nila sila, nang walang pag-aalinlangan; ano pa kaya kapag naroon na tayo sa kaluwalhatian, na nakatayo sa Kanyang Presensya? Makikilala ba natin ang isa't isa? Sigurado 'yan. Makikilala natin ang lahat. Lulukob sa atin ang kaunting pagka-walang hanggan, yamang ang Diyos ay walang hanggan.

Pansinin. Tatapusin ko na. Habang nakatingin sila, haya't si Pedro. . .

120 Gaya ng sinasabi ng isang tunay na mainam na mag-aaral sa seminaryo, "Alam n'yo, naniniwala ako na lahat naman ng mga kaiglesyahan ay tama. Kung isa kang orthodox sa iyong paniniwala, walang kaso 'yun, kaya kunin lang natin ang mga Mohammedan at mga Buddha, at paglakip-lakipin natin silang lahat nang sama-sama."

121 Sabi ni Pedro, "Mainam para sa amin na nakaparito, at kami ngayon ay magtatayo ng tatlong tabernakulo. Magtatayo kami ng seminaryo rito para kay Moises. Magtatayo kami ng seminaryo para kay Elias. At lahat ng nagnanais na sumamba sa ilalim ng kautusan, at iba pa, hayaan silang sumamba." At ngayon haya't napansin natin. Tumingin sila, at si Pedro at sila, tiningnan nila si Moises. Kinakatawan ni Moises ang batas.

122 Ibinigay ng Diyos sa mga anak ni Israel ang batas dahil gusto nila ng batas. Hindi naman 'yun ang ninais ng Diyos na

kanilang taglayin. Pagpipili 'yun ng tao. Sa Exodo 19, sabi nila, "Pagkalooban Mo kami ng dapat gawin, na daan para kami'y maligtas. Tutuparin namin ang kautusan, kung Iyong ibibigay 'yun sa amin," sa madaling sabi. Pero, hindi 'yun ang plano ng Diyos.

123 Kaya mas mainam na itigil n'yo mismo ang pagplaplano, sa sarili n'yo, at gamitin ang plano Niya. Nasumpungan ko nga na mas madali 'yun, na kunin mismo ang plano Niya.

124 Doon nga'y nakatayo si Moises, ang batas. Sabi ni Pedro, "Buweno, ang ilan sa amin ay sumusunod sa batas." Ngayon, wala ngang tao na inaring ganap ng batas.

125 Kaya, ang kasunod, matapos na tumayo roon ang batas ng Diyos; ang kasunod, na nakatayo, ay si Elias. Ganoon nga ang pagkakasunud-sunod nila, sa pagkakasunud-sunod ayon sa bilang. Ang kasunod, na nakatayo, ay si Elias, na dumating pagkatapos ni Moises. At ang kinakatawan ni Elias ay ang katarungan ng Diyos, ang mga propeta. Haya't kinakatawan ni Elias ang Kanyang katarungan, na anupa't si Elias ay humugot ng apoy mula langit at pumatay ng limampu. At kinakatawan niya ang katarungan ng Diyos.

Kaya, ang nais ni Pedro ay ang batas ng Diyos at ang katarungan ng Diyos.

126 Haya't walang tao ang maliligtas sa pamamagitan ng batas. At kung mabibigo ka, na lalabagin mo ang kautusan, haya't isang bagay na lang ang natitira, at 'yun ay kamatayan. Yun mismo ang katarungan ng Diyos. Yun ang hinihingi ng Diyos—ng Diyos. Ang tuwid Niyang batas ay . . . may kalakip na katarungan.

127 Kaya, hayun na nga't, habang nagsasalita si Pedro, na may pagnanais siyang magtayo ng kanyang tabernakulo, at hiningi sa Diyos kung puwede ba niyang gawin, pagkatapos nga nung paglingon nila haya't si Jesus na lamang ang kanilang nakita.

128 Nabigo ang batas. Kaya tayo, sa umagang ito, ay ituon nga natin ang ating mga mata palayo sa sariling-katuwiran, o sa kung anong bagay na nagawa natin. Di ko kasi magagawang magsumamo sa batas. Hindi ako puwedeng hatulan gamit ang batas, dahil ako'y lumalabag sa batas. Walang sinumang tao ang nakatutupad sa batas. Di nila kayang tuparin ang batas.

129 At ganun din na di mo magagawang iligtas ang iyong sarili. Ni di mo nga magagawang pagalingin ang iyong sarili. At kung ang batas, sa pamamagitan ng sarili mong pantaong kalooban, na gusto mong paaninagin 'yun sa plano, kung ganoon ay may isang bagay lang na hinihiling ng batas, kung mabigo ka, at 'yun ay ang katarungan. At, ang katarungan, ay ang mahatulan at mamatay kailanman. Ang hinihingi ay lubos na pagkalipol. Dahil, sinuman na bumali sa kahit isang tuldok lang ng batas ay may sala na sa buong batas. Kaya, kinakailangan mong

mamatay, pero ang Diyos. . .sa pagtingin natin sa kautusan ng Diyos, at sa pagtingin natin sa katarungan ng Diyos.

130 Pero ibaling natin ang ating mga mata sa gawing kabila. Tumingin kayo *rito*. Doon ay nakatayo si Jesus, kinakatawan ang pag-ibig ng Diyos. Hindi batas, hindi katarungan, yamang sa Kanya ay nasumpungan ang katuparan ng dalawang ito na kautusan at katarungan. "Ito ang sinisinta Kong Anak." Wala nang sariling-gawang bagay. Makinig kayo sa inyong tagapag turo. Yun ang dahilan kung bakit nasabi ni Pedro, "Ikaw si Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos." Ang kautusan at ang katarungan ay nasumpungan kay Cristo, at 'yun ang pag-ibig ng Diyos sa salinlahi ng tao. Ang pag-ibig ng Diyos! "Ganoon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan!"

131 Maawaing Diyos, sa umaga pong ito, habang nagsusumamo ako para sa mga narito na nakikinig, haya't di batas ang aming pinagsusumamo, hindi batas ang hinihingi namin. Hindi namin nais na mahatulan sa pamamagitan ng sarili naming sikap. Hindi ang Iyong katarungan ang aking nais, Panginoon. Hindi, hindi ang Iyong kahatulan na 'yun ay maipataw sa akin; hindi kailanman, Panginoon. Pero, ang pinagsusumamo ko ay ang Iyo mismong habag.

132 Ang sabi Niya, "Pakinggan ninyo Siya." Bakit ko Siya pakikinggan? Haya't Siya lamang kasi ang may taglay ng kaligtasan. Sina Maria, Jose, at lahat ng iba pang mga banal ay dakilang mga tao, pero sa Kanya lamang. "Pakinggan ninyo Siya." Siya lamang ang tanging tagapamagitan. Siya lamang ang tanging tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at ng tao, si Cristo Jesus.

133 Bakit ko Siya kailangang pakinggan? Di kasi ako kayang bigyan ng batas ng kapayapaan; Siya ang makapag bibigay. Walang maidudulot sa akin ang katarungan, kundi kahatulan lang. Haya't mapagkakalooban Niya ako ng kapayapaan at ng pagkakasundo. Hahatulan lang ako ng batas, yamang, sa aking pagkakasakit, ang hinihingi ng batas ay kapwa ko taglayin, ang batas ng kalikasan at ang katarungan ng Diyos, na 'yun ay maipangyari sa akin, kaya kinakailangan kong bayaran ang parusa. Pero ibinabaling ko ang aking pagmamahal at aking mga mata, sa umagang ito, palayo mula sa batas at katarungan, at tumingin sa pag-ibig ng Diyos na ipinagkasundo ako pabalik sa Kanya, sa pamamagitan ng biyaya, at di sa pamamagitan ng batas ni sa katarungan man. Kundi, sa pamamagitan ng pagkakasundo, binayaran Niya ang halaga upang ipagkasundo ang tao at ang Diyos na maglakip, para pag-isahin sila.

134 Sa ibayo ng Switzerland, di pa katagalan. . .Sa pagtatapos ko sa pahayag na ito. Marami sa inyo na mga bata sa paaralan, sa tingin ko ay tanda n'yo pa, itong lumang kuwento na ito na di dapat mamatay. Gayong, unti-unti na itong nakakalimutan,

dito sa bansa natin, pero hinding-hindi nga ’yun mapaparam sa Switzerland kung saan ’yun nangyari. Naalala n’yo pa ba sa paaralan n’yo, ’yung binasa n’yo roon, tungkol kay Arnold von Winkelried, ’yung dakilang bayani ng Switzerland? Kung babanggitin n’yo nga ang pangalan niya, ngayon, doon sa Swiss Alps, mangyari ngang ang mga mukha ng mga tao roon ay mamumula’t may mga luha na tutulo sa kanilang mga pisngi. Haya’t maraming mga taon ang nagdaan . . .

135 Ang mga Swiss ay mga taong mapagmahal sa kapayapaan. Sila’y mga Aleman, na noong unang mga siglo, ay nagpunta sa mga kabundukan na walang mina o anupaman. Pero dinala nga nila . . . Taglay nila ang katalinuhan ng mga Aleman. Nasa diwa ng mga Aleman na sila’y mataas na lahi, na totoo naman, pero hayan nga na sinubukan nilang mag-imbento ng baril o ng bomba na lulupig sa buong mundo gamit ang taglay niyang katalinuhan. Pero ang mga Swiss ay mapagmahal talaga sa kapayapaan. Nagtungo siya roon at gumawa ng . . . kumuha ng ilang materyales, at ginawan ang kanyang kapit-bansa ng relo, at nabuhay nang payapa.

136 Haya’t mangyaring, doon sa itaas ng kabundukan ng Swiss, maraming taon ang nagdaan, nung magtayo sila ng kanilang— kanilang kaharian dun, o ang ibig kong sabihi’y sarili nilang gobyerno, haya’t di sila isang militar na bansa. Sila’y bansa na mapagmahal sa kapayapaan.

137 At isang araw, nung ang mga mananakop ay lumusob dun sa kanilang lupain at talagang dinudurog ang lahat ng pag-aari nila; wala nga, wala nga, wala ngang umubra kahit na ano pa ’yung itinayo nila roon. Nagpagulong na sila ng mga bato mula sa kabundukan, at di pa rin natinag ang mga mananakop. At nagawa nung mga mananakop na ’yung hukbo ng Swiss ay umatras sa isang kaparangan sa paanan ng bundok.

138 At napaka ganda nga sa Switzerland, gaya ng akin ngang napagmasdan dun, ’yung paraan ng pagsasaka nila; at dun sa kapatagan; at naroon sa tabi ang mga bakahan, at doon naman sa itaas ay ’yung mga tupa, at doon sa itaas pa ay dun sila nag-aalaga ng mga kambing.

139 At ’yung yodel na pag-awit ng mga tao roon na itong mga tinaguriang yodel na mga mang-aawit na mula sa Hollywood ng Amerika ay ginaya’t naging katatawanan tuloy, di kasi ’yun mapantayan. Hayun nga sila roon na hihipan ’yung tambuli nila kapag may panganib, na, ang bawat kapitbahay ay dali-dali na darating para tumulong kapag may pangangailangan. At ngayon ay ginagamit na natin ’yun sa mga banda ng jazz, at rock-and-roll. Oh, talagang . . . Nasalaula talaga!

140 Pakinggan n’yo, mga kaibigan. Babanggitin ko lang ’yung pahayag ng tagapamahala ko ng gawain: “Kung ang Diyos ay di magpapadala sa lalong madaling panahon ng kahatulan sa

makipag-apid na salinlahing ito ng mga tao, ay dapat Niyang ibangon ang Sodoma't Gomorra, at humingi ng dispensa dahil tinupok sila." Ganoon nga. Tunay. Siya'y matuwid, at wala na ngang ano pa't gagawin 'yun mismo ng Diyos. At habang ang kahabagan ay nakabukas pa ang mga bisig Nito, magsipunta na kayo nang madali patungo Rito.

141 At doon, sa ibabaw ng bundok, kung saan ang munting hukbo na ito'y naaarmahan ng mga bagay-bagay na anumang mahanap nila, ng mga kalasag, at mga tungkod, at mga karit, at kung anu-ano pa na masumpungan nila, at mga tinidor pambukid. Sila'y napaatras, 'yung malaking dayuhang hukbo'y lumusob dun gaya ng isang solidong ladrilyong pader. Ang mga mananakop na 'yun ay haya't bawat kalalakihan ay sanay sa pakikipaglaban, at ang dala-dala'y malalaking mga sibat, at nagmartsa sila dun, palapit nang palapit, talagang pinapaatras ang munting Swiss na hukbo sa kabundukan. Wala na silang kapaga-pagasa. Lahat na ng sinubukan nila'y itim at dilim lang ang bunsod, at walang kahit na anupaman ang makaliligtas sa kanila.

142 Ilang saglit pa, sa kalagitnaan nila, may isa na sumigaw, si Arnold von Winkelried. At tumayo siya mula sa hanay, at sabi niya, "Mga kapatid, ngayong araw na ito ay mamamatay ako para sa Switzerland at para sa kalayaan nito." Sabi niya, "Mahal natin ang ating lupang-tinubuan at ang bagay na pinaglaban ng ating mga magulang, at mga bagay na nilaan sa atin ng ating mga magulang na taglayin natin. At, ngayong araw na ito, ang pinakaiingatan nating pamamalakad ay nasa bingit ng kapahamakan. At kaya ngayong araw na ito ay buong loob kong ibinibigay ang aking buhay para sa Switzerland." Sabi niya, "Sa ibayo, sa likod ng bundok, naroon ang kalugud-lugod kong tahanan, at ang kalugud-lugod kong mapagmahal na asawa, at maliliit kong mga anak, na umaasang babalik ako. Pero," sabi, "Hindi ko na sila makikita pa sa lupang ito." Sabi niya, "Sa araw na ito, mamamatay ako para sa Switzerland." Kanyang . . .

Sabi nila, "Anong gagawin mo, Arnold von Winkelried?"

143 Sabi niya, "Sundan n'yo ako. Lulusob ako sa hanay ng mga kalaban. Lulusubin ko ang kanilang imbakan ng sandata. At pagkatapos damputin n'yo ang anuman na makukuha n'yo, at lumaban sa abot ng higit n'yong makakaya. Bilang kalalakihan ng pakikipagbaka, lumaban kayo sa abot ng mayroon kayo, sa abot ng higit n'yong magagawa."

144 At itinaas niya ang kanyang mga bisig, at iginala niya ang kanyang paningin kung saan naroon ang pinaka mabibigat na hanay ng mga sibat na sasalubong, habang papalapit siya nang papalapit roon. At itinaas niya ang kanyang mga bisig at sumigaw, "Magbigay daan para sa kalayaan!" sumigaw siya. At tumakbo siyang pasalubong sa pinaka mabibigat na mga

sibat, at itinaas ang kanyang mga bisig sa mga sibat na 'yun, at niyakap niya ang mga 'yun sa kanyang dibdib at namatay. At 'yung mga kalalakihang Swiss, na sumusunod-sunod sa likuran niya, sa abot ng makakaya nila. Sila nga'y mistulang nilukuban ng kasigasigan, na ang hanay ng mga kalaban ay nasira. Bawat kalaban ay nawala sa pagkakaposisyon; di nila malaman kung anong gagawin. At ang mga Swiss ay lumusob at kinamit ang tagumpay, at ang Switzerland ay di na nagkaroon ng kahit na anong digmaan mula noon. Matagal na gugunitain 'yun sa Switzerland, hangga't mayroong Switzerland, si Arnold von Winkelried ay talagang maaalala.

145 Mangyaring, isa 'yung kahanga-hangang kabayanihan, kahit saan ay walang kapantay, pero isa nga 'yung munting bagay, isang munting bagay lamang, kumpara sa isang araw na 'yun noong ang mga anak ni Adan . . .

146 Yung araw na 'yun noon na ang batas ay nabigo, at ang katarungan ng mga propeta ay nabigo; 'yung araw na ang batas ay ganoong karupok pala't di makapagliligtas, sa pamamagitan man ng paghahain ng kordero. Yung dugo kasi ng hayop at 'yung espiritu ng hayop ay di makababalik. Yun nga'y nabigo. Alam na alam nga 'yun ni Satanas. At yamang ang katarungan ng Diyos, na anupa't, nagpapababa ng apoy at tumutupok sa bilang na limampu, at ang mga kahatulan na ipinataw ng mga propeta sa sanlibutan, pero haya't tuluy-tuloy pa rin ang mga tao na napupunta sa kapahamakan. Bawat pag-asa'y naglaho. Ang Diyos ay nagpadala na ng batas, ang Diyos ay nagsugo na mismo ng mga propeta; at lahat ng mga 'yun ay nabigo. Lahat ng pag-asa'y wala na, para sa sangkatauhan.

147 Isang araw, sa kalagitnaan ng dako sa Kaluwalhatian, ang Anak ng Diyos ay humakbang. Sabi Niya, "Sa araw na ito, hahayo Ako at palalayain ang mga anak ni Adan." At nung tumayo Siya roon, na lahat ng mga pag-asa'y . . .

148 Nagagawa ng diyablo na maglagay sa atin ng sakit, siya'y naglalagay ng kasalanan sa atin, at nakukuha't nakukuha natin; 'yun kasi ang hinihiling ng katarungan ng batas. At kung bigo tayo na tanggapin ang batas, na anupa't lahat tayo'y hinatulan ng batas, tanging katarungan lamang ang paiiralin. Walang daan para makaalpas; wala tayong magagawa.

149 Pero humakbang nga Siya. Ang sabi ng Anghel, "Anong gagawin Mo?" Siya'y pumunta sa lupa.

150 At sabi Niya, "Ngayon kayo, bawat isa sa inyo na mga anak ni Adan, dalhin n'yo ang bagay na ibinigay Ko sa inyo para makipagbaka, at lumaban sa abot ng makakaya n'yo, sa pinaka mainam na magagawa n'yo."

151 At hindi nga Siya pumili ng marupok na bahagi, na sa pamamagitan ng teolohiya, o sa pamamagitan man ng pagpapatayo ng mga seminaryo, o ng pagpapatayo ng mga

simbahan; haya't doon nga Siya sa dako kung saan mabibigat ang mga sibat pumunta, doon mismo sa libis ng anino ng kamatayan. At niyakap Niya ang kamatayan at karamdaman, sa Kanyang mga bisig, niyakap sa Kanyang sariling dibdib. At isinugo pabalik ang Espiritu Santo sa Araw na 'yun ng Pentecostes, para ilagay sa ating mga kamay, at hiniling sa bawat anak ni Adan na makipaglaban sa abot ng makakaya natin. Pagtawanan man kayo, usigin man kayo, bansagan man kayo na "holy-roller," lahat na ng kung anu-ano; haya't makipagbaka lang sa abot ng higit na makakaya n'yo dahil ang katagumpayan ay sigurado. At salamat sa Diyos! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang dalawang beses—Pat.] Binulabog mismo ang kaaway. Ang mga imbakan ng sandata nito'y winasak. At ang dakilang Kapitan ng ating kaligtasan ay nangunguna sa daan, sa araw na ito ngayon, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo.

152 Oh, mga anak na lalaki't mga anak na babae ni Adan, bakit kayo mananatiling nakaupo rito hanggang sa mamatay? Tayo nga'y tumindig at gumawa ng isang bagay. Gamitin natin ang bagay na taglay natin, kung 'yun ma'y mortal na labi na lang basta't nakakagalaw pa. Bigyan nga natin ng papuri ang Diyos. Pasalamatan natin Siya para sa ating kaligtasan.

153 Kung isa kang makasalanan, hinding-hindi mo mailalabas ang iyong sarili mula sa minahang-bato ng mundong ito, kung saan isinambulat sa iyo ang Ebanghelyong ito. Pero, tumayo lamang at hayaan mong makita ka ng Diyos, para ipasok ka sa Gusali.

154 Kung may sakit ka, alalahanin mo, ginapi ni Jesus kapwa ang kamatayan, impyerno, karamdaman, libingan, at lahat, noong mamatay Siya para sa iyo sa Kalbaryo. Atin na ngang kunin kung anong taglay natin sa umagang ito, at tayo'y makipagbaka sa abot ng mainam nating nalalaman.

155 Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo para sa isang pagdulog ng panalangin; at sige't tinatawagan ko ang kapatid na babae na magpunta rito't tumugtog ng piyano, ng ilang mainam na himno. Habang lahat tayo'y . . .

156 Kayo na maiinam ang pag-iisip, may maliwanag na diwa, inyo bang pinahahalagahan nang lubos ang kamatayan ng Panginoon nating Jesus? Hinding-hindi uubra ang inyong mga kaiglesyahan, kahit na, gaano pang kainam ang mga 'yan. Yang mismong mga eskuwelahan n'yo ay mabibigo nang lubha, kahit na, gaano pang kainam ang mga 'yan. Yang doktor n'yo ay mabibigo nga nang lubha, gaano man siyang kagaling. Pero, sa umagang ito, ibaling natin ang ating paningin, ituon natin ang ating mga mata mula sa mga batas ng kaiglesyahan at mga denominasyon, at mga opisina ng doktor, at gayong maiinam nga ang lahat ng mga ito, at pakinggan natin ang Tinig na

nagmumula sa Anino na lumililim sa atin sa umagang ito, “Ito ang sinisinta Kong Anak; pakinggan ninyo Siya.”

157 Minamahal na Makalangit na Ama, sa kababaang-loob na magagawang dumulog ng mga Cristiano, kami nga’y lumalapit sa kapakanan ng mga naliligaw at nangangailangan. Iyo pong tanggapin ang mga salitang ito, sa araw na ito, at, oh, ang Espiritu Santo na nangunguna sa Iglesya, ay turuan ang Iyong mga anak patungo sa Diyos, sa araw na ito. Marami marahil ang nahulog sa gilid ng daan, at di na nakakaalam sa daan ng Diyos. Sila’y nadiliman at natabunan ng kaitiman, ang pag-asa nga nila’y bigo, pero nawa’y matanaw nila muli ang Kalbaryo, kung saan sinalo mo ang nagniningas na suligi ng kaaway na kamatayan, ang kaaway na karamdaman, ang kaaway na kapighatian, ang kaaway ng lahat ng sangkatauhan. At doon ay Iyo ngang sinalo ang mga ’yun sa Iyong dibdib, at binuksan ang daan. At doon sa pagtugaygay sa madilim na aninong ’yun, sa umagang ito, ay natanaw namin ang aming Tahanan mismo sa Kaluwalhatian.

158 Gaya ng sinabi ni von Winkelried, “Sa likod ng bundok ay isang tahanan, hinihintay nila ako roon sa aking pag-uwi, pero di na nila ako makikita pa.”

159 Pero, Jesus, hindi Mo nga sinabi, “Di na nila Ako makikita pa.” Ang sinabi Mo, “Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan. Ako’y tutungo at maghahanda, at darating at kukunin kayo, at tatanggapin kayo sa Aking Sarili.” Ganung kataas ang respeto namin sa magiting na pagkamatay ni Winkelried; pero, isa siyang mortal, pagkamatay niya’y iniwan na lang niya. Pero Ikaw po’y pumarito at namatay at nagtubos, at dinala kami, hindi palayo sa aming mga mahal sa buhay, bagkus patungo pa nga mismo sa mga mahal namin sa buhay; hindi palayo mula sa aming mga tahanan, bagkus patungo sa aming Tahanan. At humapak sa hanay ng kadiliman ng kamatayan, nang sa gayon ay makita namin ang ibayo ng libis kung saan nakalatag doon ang mga pagpapala ng Diyos.

160 At ngayon, sa araw na ito, Minamahal na Ama, kung may mga anak Ka pa na Iyong ipinasambulat ang Ebanghelyo, mula sa minahan ng buhay, at may pagnanais na ipangyari sa kanila, at haya’t tinatapyas sila sa umagang ito, at tinatabtaban sila, na patanggal na nilalagari ang kanilang mga gawi, at mga masasamang pag-iisip, at kanilang paninira at pagtalikod sa pananampalataya. At ngayon ay inaasam Mo nang ilagay sila sa pagkakaposisyon muli, at ilapat sila mismo sa Gusali. Iyo po bang mapapaunlakan na makapangusap sa kanilang mga puso ngayon?

161 At habang nakayuko ang aming mga ulo ngayon, mayroon pa bang anak dito, ngayon, na naligaw sa daan, o marahil hindi pa nagagawi sa daan mismo? Pero nararamdaman mo, ngayon,

na may pagnanais ka na maibilang; nagnanais ka na maging isang bato na ilalapat sa Gusali ng Diyos? Magagawa mo bang itaas ang iyong kamay kay Cristo, magsasabi, "Cristo, Iyo pong putulin ang pagka-makasanlibutan ko."

162 Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likod, kabataan. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong babae. Pagpalain ka ng Diyos. Sige't mayroon pa po ba?

163 Ngayon habang nakayuko ang inyong mga ulo, habang naghihintay tayo sa Espiritu Santo, at may pagkabatid kayo kung inyo bang nabigo ang Diyos o hindi. Nabigo ba kayong tumungo roon nung sabihin ng dakilang Mananagumpay, "Halina, sumunod ka sa Akin. Pasanin mo ang iyong krus, iwaksi ang iyong sarili, sumunod ka sa Akin. Bubuwagin ko ang hanay ng kaaway. Bubuwagin ko ang hanay ng kasalanan. Bubuwagin ko ang hanay ng karamdaman. At sumunod kayo sa Akin at makipaglaban lang sa abot ng higit n'yong makakaya, dahil gagawa ako ng uwang sa pagitan nun, at ang ating mga tahanan ay di-masasaling hanggang sa Walang Hanggan."

164 Isa ba kayong dayuhan na malayo sa Diyos? Itaas n'yo lang ang inyong mga kamay, may isa ba. . .Pagpalain ka ng Diyos, munting bata. May ilan pa ba na di pa nakapagtataas ng kamay nila, haya't itaas n'yo na ang kamay n'yo. Sabihin, "Alalahanin mo po ako, Kapatid na Branham, ngayong araw na ito. Nais ko po ngayong makalapit kay Cristo. Ako. . . " Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

165 "Nagnanais na akong makalapit kay Cristo, para tapyasan sa Kanyang makinarya. May kung ano pong bagay sa umagang ito ang humipo rito sa aking puso. Niyugyog ako, hanggang sa kaibuturan ko. Ako nga'y naglumagak sa dakong ito sa aking mga makamundong gawi, na mga dumi at putik na hinango sa pagkakatabon. . .o nakatabon sa akin. Pero ang Ebanghelyo, sa araw na ito, ay hinango ako, at ako'y nakatayong may sala sa harap ng Diyos, at nalalaman ko 'yun. At ninanais ko na kunin ako ng Diyos bilang isang bato, ngayong araw na ito, at ako'y tapyasan, at pagkalooban ako ng pagpapahayag nang may katapatan ukol sa Panginoong Jesus at sa Espiritu Santo, at iposisyon ako sa Kanyang Kaharian. Ninanais ko na mahango mismo sa araw na ito. At sa paghango sa akin, ninanais ko na ako'y matapyasan at maiposisyon sa Kanyang Kaharian." Sige po't magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay sa Kanya, bago tayo dumako sa pananalangin para sa—sa makasalanan? Sige po.

166 May apat o limang kamay na nagsipagtaas. Ipapanalangin ko kayo. Ngayon di pa tayo, marahil, nakakadako na tatawag ng pagdulog sa may altar, siguro po'y maghintay lamang ng ilang sandali. Akin lamang. . .Matapos na ipanalangin ang mga

maysakit, inaanyayahan ko kayong dumako rito, rin. Pero ako po'y mananalangin muna para sa inyo ngayon, na magkaloob ang Diyos sa inyo ng isang bagay na espesyal sa oras na ito.

167 Makalangit naming Ama, nasusulat po sa Iyong Banal na Salita, ayon sa sinulat ng Iyong eskriba, na si San Mateo, sa ika-5 kabanata, sa ika-24 na talata, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan; di na tutungo sa kahatulan, bagkus lumipat na mula kamatayan patungong Buhay."

168 Iyo pong dinggin ang mapagpakumbaba't mahinahong hiling ng Iyong lingkod, para sa bawat isang ito na nagsipag taas ng kanilang mga kamay. Sabi Mo, "Walang sinuman ang makalalapit maliban na palapitin siya ng Aking Ama." At Ikaw nga'y nagpapalapit mula pa kanina, sa umagang ito, at sila nga'y duminig, at itinaas nila ang kanilang mga kamay. "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at pakikinig ng Salita." At ako po'y nagpapasalamat sa Iyo para sa kanila sa araw na ito. At idinadalangin ko na Iyong banalin ang bawat mananampalataya. At puspusin ng Espiritu Santo, sila na may nagugutom na mga puso, na iwinaksi na palayo ang sanlibutan hanggang sa walang matira, sa umagang ito, at may pagnanais na matapyasan bilang isang batong ilalapat sa Gusali ng Panginoon. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

169 Hindi ba't iba talaga sa pakiramdam? Hindi ba't tunay na ginagamit ng Espiritu Santo ang Salita ng Diyos na mistulang isang pangkuskos, at talagang patanggal na kukuskusin ang mga bagay ng mundo? Pagkatapos ay bago na ang pakiramdam n'yo. Atin ngang awitin ang maluwalhating lumang himno na ito, nang isang beses pa, para sa kaluwalhatian ng Diyos, ngayon. "May isang bukal na puno ng Dugo, na mula sa ugat ni Immanuel tumutulo." Sabay-sabay ang lahat ngayon. Sige po.

> There is a fountain filled with Blood,
> Drawn from Immanuel's veins,
> And sinners plunged beneath the flood,
> Lose . . . their guilty stains.
>
> Lose all their guilty stains,
> Lose all their guilty stains;
> And sinners plunged beneath that flood,
> Lose all their guilty stains.

170 May bagay akong itatanong sa inyo ngayon. Ilan po sa inyo ang nararamdaman na ang inyong mga kasalanan ay nasa ilalim na lahat ng Dugo? Magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay. "Nananampalataya ako ngayon na pinatawad na ako ng Diyos, at ako'y—ako'y Kanyang anak." Oh, ang ganda!

> Ngayon, ang naghihingalong kawatan, siya'y
> nasiyahan nang masulyapan
> Ang Bukal na iyan sa kanyang kapanahunan.

Naghihingalo na siya. Nasiyahan siya noong masulyapan ang bukal na 'yun sa kanyang kapanahunan.

> Maging ako man, gaya niya na naroon sa karumihan,
> Lahat ng pagkakasala ko'y nahugasan.

171 Habang inaawit natin ang talata na ito, at pagsapit natin sa koro, gusto kong makipagkamay kayo sa nakaupo sa inyong tabi. Sabihin, "Pagpalain ka ng Diyos, Cristianong kapatid na lalaki, kapatid na babae," sinuman 'yan. Ngayon, umawit na po tayo sa Panginoon ngayon. Una po'y, ating—ating itaas ang atin pong mga kamay, kung magagawa natin, at umawit, "Ang naghihingalong kawatan . . . " Ngayon, papuntang koro, at pagkatapos ay makipagkamay.

> The dying thief rejoiced to see . . .

Ama, kami po'y sumasamba sa Iyo sa mga oras na ito.

> . . . tain in his day;
> And there may I, though vile as he,
> Wash all my sins away.
> Wash all my sins away,
> Wash all my sins away;

Ngayon sige po't abutin ang kamay ng isa't isa.

> And there . . .
> Wash all my sins away.

172 Grabe po talaga ang ligaya natin sa araw na ito, bilang mga mananampalatayang Cristiano, bilang kapwa-mamamayan ng Kaharian, na hinugasan na palayo ng Diyos ang ating mga kasalanan, at ginawa na tayong mga bagong nilalang kay Cristo Jesus. Ngayon, kayo po ba'y nagagalak sa Panginoon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mabuting-mabuti!

173 Ngayon alalahanin n'yo, mga kaibigan, magkakaroon muli ng mga gawain mamayang gabi. Pagpalain kayo ng Diyos.

174 Medyo napahaba po ako, sa umagang ito, kumpara sa plano ko. May usapan ako na pupuntahan agad-agad, pagkatapos ng gawain. Tapos mamaya ay kakatagpuin ko ang ilan sa inyo na mga minamahal kong kaibigan. Iniisip ko nga kung maaaring ipagpaliban 'yun hanggang sa gabing ito, kapag nakabalik na ako para sa mga gawain mamayang gabi. Dahil, ako naman po'y . . . Sa tingin ko tapos na ako ng mga alas onse, at ngayon may ilan tayong . . . Ilan po ba ang ipapanalangin? Patingin at pakitaas lang po ng inyong kamay, hayan nga't sa lahat ng dako. Marami tayong ipapanalangin.

175 At nabanggit ko na sa inyo 'yung isang lalaking Lutheran, dun sa isang dako, na sumulat ng liham sa akin at kinokondena ako, at ang sabi, "Naturingan pa man ding nangangaral sa mga tao," gaya po ng ginagawa ko, "at sasabihin na ang diyablo ay walang kakayahang magpagaling," at kung anu-ano pa. At

akin nga siyang sinagot nang sadyang mahinahon sa paraan na nalalaman ko.

176 Haya't sumulat siya, ng liham uli, at sabi, "Gusto ko pong makita ka sa Business Men Convention."

177 At aking—at aking tinanong si Kapatid na Moore kung maaaring bigyan ng lugar ang lalaki. Ang sabi niya, "Oo."

178 At dinala nila ako sa seminaryo ng Lutheran, at naghanda sila ng hapunan doon, kung saan naroon ang lahat ng mga estudyante't lahat sila na mga guro. At ito nga 'yung pinaka dekano; naupo siya sa tabi ko. At nagsalo kami sa hapunan. At sila po'y mga Aleman. At napakaganda po talaga nung—nung—nung pagkakaayos ng hapunan. At may mga—may mga binibini na nagsisilbi sa amin, at kung ano pa. Matapos 'yung hapunan, itong Lutheran na dekanong ito, ng kolehiyo ng Lutheran, siya po'y tumayo at ang sabi, "Kapatid na Branham, inimbitahan ka namin dito para sa isang layunin." Sabi niya, "Yun po'y, dahil gusto naming masumpungan ang Diyos sa bautismo ng Espiritu Santo." Tumingin ako sa kanya; tumingin kay Kapatid na Moore. At napatingin sa akin si Kapatid na Moore. Sabi nung lalaki, "Kinutya kita, at ako'y humihingi ng paumanhin." Sabi, "Kapatid na Branham, tama ka pala, at humihingi ako sa iyo ng paumanhin. At ngayon inaasam namin ang bautismo ng Espiritu Santo." Sabi, "Saksi kami sa lahat ng kung anu-anong paninipa ng mga upuan at paninira ng kung anu-anong bagay, pero," sabi, "ang hangad nga namin ay tunay mismong Espiritu Santo."

179 Sabi ko, "Sumasampalataya ka ba?" Sabi niya. . .sabi ko, "Baka ano ang sasabihin ng seminaryong Lutheran. . .Ano ang sasabihin ng denominasyong Lutheran?"

180 Sabi, "Hindi namin alintana ang denominasyong Lutheran. Ang hangad na namin ngayon ay si Cristo."

181 At sina Bob Schuler at sila, ang tagapatnugot ng Christian Herald, at sila, ay tumanggap ng Espiritu Santo, isang matalik na kaibigan ni Billy at lahat sila. Ang mga kapatid na ito'y talagang gutom na gutom sa Espiritu Santo. At pagkatapos ang sabi ko. . .

Sabi niya, "Maaari po ba 'yan sa mga Lutheran?"

Sabi ko, "Ito'y para sa, 'Sinumang nagnanais, haya't sila'y lumapit.'"

Sabi niya, "Papaano namin Ito matatanggap?"

Sabi ko, "Kayo ba'y sinsero talaga?"

182 Sabi niya, "Opo, Kapatid na Branham, mula sa kaibuturan ng puso namin."

Sabi ko, "Paano naman ang mga estudyante mo?"

183 Haya't bawat kamay ay nagsipagtaas, at may mga luhang gumuguhit mismo sa kanilang mga pisngi. "Inaasam namin si Jesus."

184 Sabi ko, "Sige't isantabi n'yo ang mga pinggan n'yo. Dalhin n'yo ang mga upuan n'yo, isandal n'yo sa dingding." Bawat isa nga'y ginawa 'yun, bumaling sila. Sabi ko, "Ngayon lumuhod kayo at humarap kayo sa dingding, at simulan n'yong hilingin sa Diyos ang Espiritu Santo." Tapos sinabihan ko si Kapatid na Moore na tumayo at manalangin. Umikot ako, na pinapatungan ko ng kamay ang bawat isa, at lahat ng pitumpu't dalawang estudyante, at ang dekano mismo'y, tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo. At talagang niyayanig nila ngayon ang bansa sa dako roon, kalakip ang mga himala't paggawa ng Diyos. Sila nga'y nagdaraos ng mga gawain dun para sa pagpapagaling at lahat, ito pong seminaryong Lutheran.

185 Oh, talagang mapapaawit ako nito sa abot ng kaluguran ng puso ko! Bakit? Kapag kayo nga'y may pagkagutom at may pagkauhaw!

186 Itong kaawa-awa't, abang babae na nakaratay po rito, na halos mamatay na siya sa kanser, tunay na siya'y nagugutom at nauuhaw, sa umagang ito, para pagalingin siya ng Diyos. At marami nga sa inyo na nakaupo riyan na may suliranin sa puso. Tunay. Ikamamatay n'yo nga 'yan nang biglaan, kung di kayo pagagalingin ng Diyos. Marami rin ang may kung anu-ano't sari-saring mga sakit, na lubhang masama. Pero, kaibigan, huwag kang tumingin sa katarungan; di mo kayang bayaran ang katarungan. Huwag kang tumingin sa batas, dahil ang batas ay di kayang matupad. Pero, tumingin lamang kay Jesus, dahil Siya ang Isa mismo Na nagtubos sa inyo. At, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang Pangalan, kayo ay magagawang pagalingin sa umagang ito.

187 At kung nagawa mismo ng Diyos na isugo ang pitumpung Lutheran—Lutheran na mga ministro, para ipangaral ang Ebanghelyo, taglay ang bautismo ng. . .sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Ang sabi ni Jesus, kapag isasabak Niya tayo sa pakikipagbaka . . . Gaya ni von Winkelried, ang sabi niya, "Lumaban hanggang sa abot ng mayroon tayo." Heto nga ang sinabi Niya, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya. Sa Pangalan Ko ay magpapalayas sila ng mga masasamang espiritu, o mga demonyo. Magsasalita sila sa bagong mga wika. At kung tuklawin sila ng ahas, hindi 'yun makagagambala sa kanila. Sila'y magpapatong ng mga kamay sa maysakit, at sila'y magsisigaling."

188 At tingnan n'yo nga ang malaking uwang, na nakapalibot sa buong mundo ngayon, haya't lumalaganap nang tuluy-tuloy ang Ebanghelyo. At ang mga anak ni Adan, na tinanggap na mismo ang biyaya ng Panginoon nating Jesus Cristo, ay

bumabaka na nang dire-diretso, at binubuwag ang hanay ng mga kaaway ngayon. At talagang nakikipagbaka tayo sa abot ng makakaya natin.

189 At maging kayo po na narito, sa umagang ito, na malaki ang kaluguran sa mabuting kalusugan, alalahanin n'yo sila habang mananalangin tayo para sa kanila.

190 At hihilingin ko na ang mga maysakit ay pumila sa gawi *rito*, dito po sa kanan ko. At kung maaari'y ang mga matatanda sa iglesya ay pumarito lamang at umagapay sa kanila, kung magagawa n'yo po. At hinihiling ko po sa mga ministro ng Ebanghelyo, na sila man ay tumayo sa gawi rito, sa malapit, at manalangin.

191 Kaya naman huwag pong umalis kung magagawa n'yong umagapay. Tatawag po tayo ng isa uling pagdulog sa altar, sa ilang saglit pa, kung magagawa nating bilisan. Hindi pa po tapos ang mga gawain, sa gawaing ito ng pagpapagaling.

192 Ngayon pumila lamang sa gawi *rito*. At hihilingin natin kay Kapatid na Neville, sa ating minamahal na kinalulugurang kapatid, na kung maaari'y ituloy na niya gaya ng lagi nating ginagawa. Kung magagawa nilang. . .Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Ano po 'yun? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Only believe, only believe,
All things are possible, only believe;
Only be-. . .

193 Sa aling panig babaling? Kay Jesus. Ang mga doktor nga'y nabigo. Lahat ng mga bagay ay nabigo. Pero, "Ito ang sinisinta Kong Anak, pakinggan ninyo Siya." Ano ang sabi Niya? Sabi Niya, "Pakinggan ninyo Siya." Ano ang sabi Niya? Ano ang sabi Niya? "Only Believe." Bakit? "Lahat kasi ng mga bagay ay posible."

Fear not, little flock, from the cross to the throne,
He entered. . .into life, He went all alone; . . .?. . .
He. . .power on earth, all power above,
Is given to Him for the flock of His love.

194 Lahat ng kapangyarihan, para sa karamdaman, lahat, ay ipinagkaloob sa Kanya. O-. . . "Pakinggan ninyo Siya, 'Manampalataya lamang!'"

. . .-ly believe,
All things. . .

195 Kapag bigo ang lahat; kapag bigo ang doktor, kapag lahat ng mga bagay ay bigo, ano ang sabi Niya? Manampalataya lamang. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

196 Nasa sandaan, sa tingin ko. Ang ilan sa kanila ay lumalapit sakay sa silyang de gulong. May isa rito na nasa stretcher, na nasa punto na mismo na malapit nang mamatay.

197 Ang minamahal n'yong mga doktor, sila'y mga tao na humihiwa ng bahagi ng katawan, ng anatomiya, at tinitingnan at sinisilip ang lahat sa abot ng makakaya nila, sa abot ng kanilang kaalaman, sinisikap nilang sumagip ng buhay, pero maraming mga beses na sila'y nabibigo.

198 Kami nga'y nagagalak na ang maliwanag na Ulap na ito ng kaluwalhatian ay nakalukob sa ibabaw Niya, na ang sabi, "Pero heto nga ang sinisinta Kong Anak." Sa panahon mismo na ang batas ay bigo, na ang katarungan ay bigong matupad, haya't ang sabi ng Diyos, "Pakinggan ninyo Siya." At ano nga mismo ang sinabi Niya? "Lahat ng mga bagay ay posible kung makasasampalataya ka lamang."

Iyo pong tulungan kami sa aming di-pagsampalataya.

199 At bilang mga ministro ng Ebanghelyo, kami'y hahayo na ngayon para pahiran ang mga maysakit, at patungan sila ng mga kamay, habang ang mga pinabanal na mga taong ito ng tabernakulong ito ay naglalakip-lakip sa pananalangin. Diyos, Iyo pong pagpalain kami sa aming mga pagsisikap, at ang mga maysakit ay pagalingin mismo, 'yan po ang hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus.

200 Habang ang mga ulo natin ay nakayuko sa pananalangin, at habang ang kongregasyon ay marahang umaawit ng *Only Believe*. Magpapahid po ng langis si Kapatid na Neville. Ako po'y magpapatong ng mga kamay sa mga maysakit.

201 Minamahal na Makalangit na Diyos, yamang sariwa pa mula sa likod ng pulpito, kung saan nakatayo ako sa pagitan ng kamatayan at buhay, sa pagitan ng makasalanan at ng kahatulan...?..., itinuturo sila sa daan para makaalpas. Iyon nga'y iwinawaksi ko na sa kanilang likuran ngayon, at ako'y nagpapatong ng mga kamay sa babaing ito na may sakit. At habang ang mga mahal niya sa buhay ay nakatayo, nakatingin sa kanya. Wala pong anumang bagay ang makatutulong kundi Ikaw lamang. Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanya, gaya ng Iyo mismong itinalaga...

*Espirituwal Na Pagkukupkop* TAG56-0923
(Spiritual Adoption)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Setiyembre 23, 1956 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org